# ANG SANDAIGDIGAN SA MGA PILING TULTOL AT RITWAL NG MGA TAGBANUA

Ipinasa ni:

Ellen M. Martinez
1998-60348
B. A. Philippine Arts

Ipinasa kay:

Prop. Grace P. Odal-Devora
(Tagapayo)

*Bilang pagsasakatuparan ng mga kinakailangan para sa kursong Philippine Arts 199*

Depártamento ng Sining at Komunikasyon
Kolehiyo ng Sining at Agham
Unibersidad ng Pilipinas Maynila

Marso 2003

## PAGPAPATIBAY

Ang tesis na ito na pinamagatang **"Ang Sandaigdigan sa mga Piling Tultol at Ritwal ng mga Tagbanua"** ay iniharap ni Ellen M. Martinez bilang pagsasakatuparan ng mga kakailanganin sa pagtatapos sa kursong B. A. Philippine Arts ay tinatanggap na:

Grace Odal-Devora

**Prop. Grace P. Odal-Devora**
Tagapayo

**Pacita Gavino, Ph. D.**
Pinuno
Departamento ng Sining at Komunikasyon

**Marilou G. Nicolas, Ph. D.**
Dekana
Kolehiyo ng Agham at Sining

**Marso 2003**
Petsa

**ELLEN MERCADO MARTINEZ**
6398-B St. Dominic St., San Antonio Valley 15,
Sucat. Parañaque City
Res. # (02) 8292479 Mobile Phone # 09179992538
E-mail address: ellenmartinez_upm@yahoo.com



---

**PERSONAL DATA**

Age: 21
Date of Birth: July 28, 1981
Sex: Female
Civil Status: Single
Citizenship: Filipino
Religion: Roman Catholic
Provincial Address: 44-B Taft St.,
Puerto Princesa City, Palawan
Languages Spoken: English, Tagalog, Cebuano

**EDUCATION**

- BACHELOR OF ARTS in PHILIPPINE ARTS
  College of Arts and Sciences
  University of the Philippines Manila
  P. Faura St., Ermita, Manila
  2001-Present

- PRE-DENTISTRY
  College of Dentistry
  University of the Philippines Manila
  P. Faura St., Ermita, Manila
  1998-2001

- Palawan National School-Special Science Class
  H. Mendoza St., Puerto Princesa City
  1994-1998

- Puerto Princesa Pilot Elem. School
  Roxas St., Puerto Princesa City
  1988 - 1994

**AWARDS/ SCHOLARSHIPS**

- Outstanding Student
  April 1998
- Scholar, STFAP Bracket 3
  University of the Philippines Manila
  1998-present
- Scholar, Senator Franklin Drilon Grants
  University of the Philippines Manila
  1st Sem, AY 1999-2000
- Scholar, Francisco J. Nicolas Presidential Grants
  University of the Philippines Manila
  1st Sem, AY 2002-2003- 2nd Sem, AY 2002-2003

**WORKSHOPS ATTENDED**

- Production Design Workshop
  Instructor, Mr. Eric Cruz
  University of the Philippines Manila
  2nd Sem, AY 2002-2003
- Visual Arts Workshop
  Instructor, Mr. Sid Gomez-Hildawa
  University of the Philippines Manila
  1st Sem, AY 2002-2003
- Basic Acting Workshop for TV/Film
  Conducted by Directors Guild Of the Philippines Inc. (DGPI)
  In Cooperation with Cultural Center of the Philippines
  May 14-23, 2002
- "The Vagina Monologues" Acting Workshop
  Facilitated by Rito Asilo
  January 28, 2002
- Performing Arts Workshop
  Facilitated by Prof. Pacita Gavino
  Chair, Department of Arts and Sciences, UP Manila
  November 2001-March 2002

- Philippine Photography and Graphic Arts
  Instructor Sid Hildawa
  Chair, Visual Arts Department, CCP
  November 2001-March 2002

**Work Experience**

- October 15-December 31, 2002
  Researcher/Production Assistant
  Broadcast Arts Division
  Cultural Center of the Philippines

- May 2-June 7, 2002
  Intern/Production Assistant
  Basic/Advanced Acting Workshop for TV/Film
  Broadcast Arts Division
  Cultural Center of the Philippines

- February 8 and 14, 2002
  Actor, "The Vagina Monologues"
  V-Day 2002 College Campaign
  (Produced by New Voice Company in cooperation with Gabriela Youth-UP Manila)
  Little Theater, UP Manila

- October 17-20, 2001
  -Tour Guide, National Museum, Manila, Philippines

- February 20-July 25, 2001
  Part-time service crew
  Wendy's Philippines Inc.

- April 1999-October 2001
  Student Assistant
  College of Medicine, University of the Philippines Manila

- June-October 1998
  Student Assistant
  College of Allied Medical Profession
  University of the Philippine Manila

- April-May 1998
  Student Privilege
  Provincial Employment Services Office
  Puerto Princesa City, Palawan
  Researcher, Conducted surveys

**ORGANIZATIONAL AFFILIATION**

- UP SALINLAHI
  University of the Philippines Manila
  Member (2001 - Present)

- Youth for Christ (YFC)
  University of the Philippines Manila
  MEMBER (1996 - Present)

**SPECIAL SKILLS**

- Painting, Sketching, Singing, Acting
- Research, Computer Literate (MS Words, MS Excel, MS PowerPoint, Netscape Navigator)

**REFERENCES**

- Mr. Arnaldo U. Favila Sr.
  City Assessor, Puerto Princesa City
  16 Burgos St., Puerto Princesa City
  Tel. No.: (048) 4332846

- Mr. Leo Capeding
  Guidance Counselor
  University of the Philippines Manila
  P. Faura St., Ermita, Manila
  Tel. No.: (02) 5254105

- Ms. Eva Mari G. Salvador
  OIC, Cultural Exchange and Communication Services
  Cultural Center of the Philippines
  Roxas Boulevard, Pasay City
  Tel. No.: (02) 8325120|(02) 8321125 local 1703

## ABSTRAK

Ang diwa ng sandaigdigan ng mga Tagbanua ay maaaring masalamin sa pamamagitan ng kanilang mga *tultol* o alamat at mga ritwal. Gamit ang ganitong mga paradimo, sinuri ng mananaliksik ang mga kaisipang natatago sa pamamagitan ng structural analysis at thematic analysis. Sa tulong ng mga pamamaraang ito, maaaring makita ang higit pang malalim na mga kaisipan tungkol sa sandaigdigan at ang ugnayan ng mga elemento rito sa isa't isa.

Ang pamamaraan ng paglalahad ng mga datos ay batay sa kasaysayan o lapit historical. Sunud-sunod rin ang paglalahad ng tultol, ritwal at ang kamalayan ng Tagbanua at ng iba pang grupo sa sandaigdigan.

Sumangguni sa kamalayan ng sandaigdigan ng ibang grupong kultural upang higit pang mapagtibay ang paniniwala ng mga Tagbanua rito. Mula sa ganitong uri ng pag-aaral, makikita ang ilang pagkakapareho o pagsasalungat ng paniniwala sa sandaigdigan.

Bilang resulta ng pag-aaral, ang diwa ng sandaigdigan ng mga Tagbanua ay binubuo ito ng iba't ibang rehiyon o realms na kung saan may mga partikular na mga diwata o diyos at maging espiritu ng mga yumao ay naninirahan.

Ang sandaigdigan ng Tagnabua ay nahahati sa tatlo: ang langit, lupa at ilalim ng lupa. Sa bawat bahaging ito ay may mga rehiyong o sapin na nakapagitan.

Ang langit ay nahahati sa pitong rehiyon o sapin. Sa tuktok ng langit matatagpuan ang diwatang si Tungkuyanin na nananatiling nakayuko sa kalupaan. Sa bahagi ng bahaghari na tinatawag na *buluntong* ay bahagi ng langit kung saan ang diwata na si Magreked matatagpuan at iba pang mga diwata. Ang isa pang rehiyon na siyang pinaka-sagrado para sa mga Tagbanua ay ang *awan-awan* kung saan ang pinakamataas na Diyos na si *Manguindusa* matatagpuan na nakaupo sa kanyang trono na isang duyan na tinatawag na *bintayawan* o *barbarangan*. Kasama ni Manguindusa ang kanyang asawa na si *Bugawasin* at ang mga diwatang tagapaghatid sa kanya ng mge mensahe o *dibuwatanin*. Samantala, ang bahagi naman ng mga kaulapan ay tinatawag na *dibuwat* at dito ang mga espiritu ng yumao na tinatawag na *bangkay* o *bulalakaw*. Sila ay namatay sa karahasan tulad ng pagkalason, o namatay sa panganganak. Nandito rin sa *dibuwat* ang *biyangunan*, ang

mga kaluluwa ng namatay sa taga ng bolo at ang mukha at katawan nito'y nababalutan ng apoy. Kasama ng mga espiritung ito sa *dibuwat* si *Diwata kat Dibuwat*.

Sa isa pang bahagi ng langit, ang rehiyon na may malakas na hangin mula sa hilaga, matatagpuan naman si *diwata kat timba'an* na pinamumunuan ang iba pang diwata. Ang pang-anim na rehiyon ng langit ay ang *kiyabusan*. Ang bahagi na kung saan ay walang anumang presensya ng hangin. Dito matatagpuan ang mga diwatang kinatatakutan ng mga Tagbanua, ang mga *salakap.* Ito ay pinamumunuan ni *Tumangkuyun.* Kasama niya rito sina *Tandayag, Sumurutun* (ang kapitan ng bangkang *adiyung*) at ang tatlo nitong tenyente, *Tuwan Ding, Tuwan Pagbuysan,* at *Tuwan Pagraskadan*. Isa sa mga diwata rin na matatagpuan sa *kiyabusan* ay si *Lumalayag,* isang mandirigma na nakikipaglaban sa mga *salakap*.

Ang ikalawang bahagi ng sanlibutan ng Tagbanua ay ang kalupaan. Dito naman matatagpuan ang mga nabubuhay na mga Tagbanua. Gayunpaman, sa kalupaan ay may iba't ibang nilalang rin maliban sa mga tao. Ang mga kaluluwa ng mga yumao na nagtatagal ng pitong araw pagkatapos nilang pumanaw. Ang isang uri naman ng kaluluwa ng Tagbanua, ang *payu* ay dito mapupunta sa kalupaan sa pormang *ramu-ramu* o mga insektong hindi kumakain ng palay. May mga diwata rin na nananahan sa kapaligiran. Sila ang mga *panyaan* na partikular na matatagpuan sa mga kagubatan. Sila ay maaaring makatulong sa pananim ngunit maaari ring magalit at magbigay ng sakit sa Tagbanua na tinatawag na *sabu*. Kasama ng mga *panyaan* ang mga masasamang espiritu na tinatawag na *damdam*. Nasa kapaligiran lang rin matatagpuan ang mga Tagbanuang namatay sa sabu, ang mga *biyaladbad*.

Ang huling bahagi ng sandaigdigan ay ang *basad*. Ito ay ang bahagi ng ilalim ng lupa o underworld. Sa basad napupunta ang isa sa dalawang uri ng kaluluwa ng Tagbanua, ang *kiyarulwa* na namatay sa normal na kadahilanan. Ang mga kiyarulwa ay dadaan sa sagradong ilog ng basad ang *kalabegang*. Matatagpuan rito si *Talikayed,* ang bantay ng tulay na tinatawag na *balugu*. Pagkatapos dumaan sa paglilitis ni *Talikayed,* ang kiyarulwa ay sasalubungin ni *Anggugru,* ang nagbibigay pugay sa mga *kiyarulwa*. Ang mga *kiyarulwa* ay magiging *Tiladmanin* na patuloy na mamumuhay sa *basad*.

Ang buong sandaigdigan na ito ng mga Tagbanua ay sinusuportahan ng dalawang puno, ang isa ay sa silangan o *Babatan* na pinamumunuan ng diwatang si kat libatan. Ang isa naman ay sa kanluran o *Sidpan* na pinamumunuan ni *diwata kat sidpan*. Ang dalawang punong ito ay nililinis at hinuhugasan ng pinuno ng mga *salakap* na si *Tumangkuyun* sa pamamagitan ng dugo ng mga Tagbanua na namatay sa epidemya.

# PASASALAMAT

Ang mananaliksik ay lubos na nagpapasalamat sa mga taong naging daan sa kanyang pagtatapos sa prominenteng unibersidad ng Pilipinas, ang UP. Lubos pong marami ang dapat kong I-aknowledge sapagkat ang mga sumusunod ay may malaking bahagi kong bakit ako nakakapag-aral sa U.P. nang walang gaanong hirap sa kabila ng pagiging kapos ko sa buhay…

- Kay Propesor Grace Odal-Devora, marami pong salamat sa walang sawang pag-unawa at pagsuporta sa akin, sa lahat-lahat (kayo na po ang nakakaalam non). Maraming salamat sa pagiging diwata ng buhay ko, sa paggabay, sa pagbibigay ng mga kaalamang habambuhay kong babaunin.
- Sa aking panelist na si Propesor Honey Libertine Achanzar, Yes, ma'am you are my beginning and my end!☺ Thank you for your consideration to accept me when I was transferring to Philippine Arts from Dentistry. Salamat din po sa pagpapaunlak niyo sa akin bilang isa sa aking mga panelists, sa lahat po ng inyong katanungan at mga payo…
- Kay Prop. Diana Agbayani, salamat po for being my panelist. Thank you for the inspirational gift you have given me, thank you for encouraging me to write…

⌖ Sa aming kagalang-galang na alkalde ng Puerto Princesa, Mayor Edward Hagedorn, Sir! Saludo po talaga ako sa inyo, sa lubos ninyong suporta. Maraming-maraming salamat po sa pag-i-sponsore upang matapos ko nang lubusan ang aking thesis. Mabuhay po kayo!

⌖ Sa aming kagalang-galang na gobernador ng Palawan, Gob. Joel Reyes, Sir, salamat po sa suportang pinansyal niyo sa aking unang dalawang taon sa U. P. Patnubayan po kayo ng Maykapal.

⌖ Kay G. Nelson Devanadera, salamat po sa tulong niyo at kayo ang naging daan upang maging iskolar ako ng gobernador, salamat sa mga personal na tulong niyo sa akin at sa aking pamilya…More power po!

⌖ Kay Masikampo Cursod at sa lahat ng mga Tagbanua, salamat po sa pagpapahintulot niyo sa akin upang gawaan ng thesis ang inyong diwa ng kosmolohiya. Salamat po sa lahat-lahat!

⌖ Kina Gng. Dionesia Banua, Gng. Joy Araja, at sa lahat ng staff ng institusyong "Nagkakaisang Tribu ng Palawan" o NaTriPal, salamat po sa lahat!

⌖ Kina G. Enriquito Senyal at G. Elisio Cursod, salamat po sa pagpapaunlak niyo sa akin upang aking makapanayam, Mabuhay po kayo!

- Sa HARIBON Palawan na na kinakatawan ni G. Magallanes, salamat po sir! Gayundin kay G. Orlando Olano, salamt po sa pag-aasikaso niyo!
- Sa "Bandillo ng Palawan" na pinamumunuan ni Bb. Yasmine Arquiza, at sa kanyang staff na sina Esobel Belen(Bing, thank you!!!☺), Irene Pasion, at Robert Bagalay, maraming-maraming salamat po!
- Sa Commission on Social and Special Concerns ng Puerto Princesa Parish of Immaculate Concepcion na pinamumunuan ni Rev. Fr. Eugene Elivera, sa staff niyang si Anthony Badilla, gayundin kay Fr. Limsa, salamat po sa pagpapahintulot niyo sa akin na mag-research sa inyong aklatan at sa tiwalang ipinadala niyo pa sa akin ang mga akdang kailangan ko.
- Sa aking kaibigan na si Lyzl Pilapil, salamat po nang marami sa lahat ng tulong…hope and pray you'll make it on the national paper as journalist.
- Sa lahat po ng mga librarian ng mga silid-aklatan na aking pinuntahan, Palawan State Unversity (Prof. Lourdes Salvador), State Polytechnic College of Palawan sa Aborlan, sa Holy Trinity College at sa UP Diliman, salamat po sa pagpapaunlak niyo sa akin.
- Sa lahat ng officers and staff ng OSA, Ma'am Fe Ricon, Ma'am Ellen, Tita Linda, Ma'am Becky, Kuya Arnel, Sir

Leo, Ma'am Zinny, salamat po sa inyong lahat, pasensya na po sa aking mga kakulitan☺

- Salamat rin po ng marami Ate Novel, Ate Paula, Kuya Romy, sa inyong pag-aalalay at pagtulong sa munting paraan.
- Kay Dr. Pacita Gavino, salamat po Ma'am sa lahat!
- Kay Tita Lynne ng Cash Division na siyang kinukulit ko sa tuwing kukuha ako ng stipend sa STFAP, maraming salamat po sa inyong pasensya at pang-unawa
- Sa aking mga "Dentistry Days" friends na sina Kaye, Glenn, Abby, Pauline…salamat!
- Sa aking mga kaklase at tunay na kaibigan na sa lahat nauutangan…este maaasahan☺, Jenny, Len, Sherryll, Giselle, Ninch, Kathy, Charles, Joseph, Vicson, at sa lahat ng di ko nabanggit (baka kasi mapuno lang tong thesis ko ng mga pangalan niyo☺… mga brus at bros, salamat sa pag-alalay niyo sa akin…graveh, touched ako…I'll miss you all…God bless!
- Sa 2456 pipol, Te Mae, Jun, Te Weng, Te Tere, Kuya Marvin, Bang, Byuti…thank you for everything…I'll treasure the friendship we have built…i'll never forget you, guys!
- Sa aking for life friend, Edvi, thank you sa lahat-lahat-lahat at walang katapusang lahat!

✣ Ang aking forever friend na si Anna Leah, bru, thanks for all the support, moral, financial, basta sa lahat!

✣ Isa ko pang forever friend, Sunshine Fonbuena, tol, ingat ka diyan sa Tate…wag kang pumili ng Negro, ha?☺ Mag-ingat ang mga patients mo sa'yo…este ingatan mo mga patients mo!☺ Thank you sa walang katapusang text messages mo habang papalapit na ang day of defense ko and until now, kaya puro Sunshine laman ng Inbox ko☺…Thank you! Mwaah!

✣ Alla mia amica, Cristina li in Italia, grazie mille per tutti cose tu ha dato e detto me…spero ci incontriamo qualche volta…spero, presto! Il Dio benedice, carissimma! Ciao!

✣ Sa aking auntie Fely, salamat po sa pagkalinga niyo sa akin. Sa lahat ng pang-unawa at pagmamahal. I know, di man ako naging perpektong pamangkin sa inyo, alam ng Diyos na mahal kita Auntie…graveh, cry na ako!☹

✣ Ate Janet and Ate Gha!☺ Thank you for all your help…sa lahat ng considerations, sa pagpapatira niyo sa akin sa bahay…God bless you, both!

✣ Siyempre, sa aking pinakamamahal na pamilya na siyang buhay at lakas ko…Mama, salamat sa lahat-lahat ng panalangin, suporta, pang-unawa at sakripisyo niyo sa

akin. Salamat sa pagpapa-follow-up niyo sa mga interbyu ko sa mga Tagbanua. Papa, salamat sa mga dalangin mo, sa paghahatid-sundo sa akin sa tuwing nagre-research ako, salamat sa lahat-lahat. Kuya Dhong, kuyakots, salamat sa mga payo at pag-aalala mo, you're really a big bro!☺ Sa dalawa ko pang naggagandahang kapatid, Aimee and Iris…mga sis', salamat sa pagtulong niyo sa akin sa pagkukuha ng iba ko pang kailangan sa research, sa pagpa-follow up at sa pagiging assistant researchers ko, next time na lang babawi si ate, ok? I love you all!☺

✢ Higit sa lahat, sa Pinakamakapangyarihan sa lahat, Panginoong Hesus, salamat po sa at ginawa Niyong posible ang lahat para sa akin, salamat sa lahat ng mga biyaya na ipinagkaloob niyo, salamat po Panginoon at binigay niyo po sa akin ang pinakamabubuting mga tao na ginawa Niyong instrumento upang ako ay magtagumpay. Napakadakila Niyo pong tunay, Panginoon. Ibinabalik ko po sa inyo ang lahat ng ito. Kapuri-puri po Kayo, Panginoon ko.

*Inaalay ko po ang gawaing ito sa aking mga magulang, G. Edmundo Martinez at Gng. Gertrudes Martinez; at sa aking mga kapatid,*
*Kuya Dhong, Aimee and Iris*

**Talaan ng Nilalaman**


| | | |
|---|---|---|
| Pagpapatibay | | i |
| Resume | | ii |
| Abstrak | | v |
| Pasasalamat | | viii |
| Pag-aalay | | xiv |
| Talaan ng mga Ilustrasyon | | xv |
| Talaan ng mga Apendiks | | xvi |
| Kabanata | | |
| 1 | Panimula | 1 |
| | Pagpapahayag ng Suliranin | 3 |
| | Paglalahad ng Layunin | 3 |
| | Sakop at Limitasyon ng Pag-aaral | 4 |
| | Pamamaraan | 5 |
| | Pagbabalik-Tanaw sa Literatura | 7 |
| | Pagbibigay Kahulugan sa mga Termino | 12 |
| 2 | Ang Lalawigan ng Palawan | 14 |
| | Ang Tagbanua sa Palawan | 17 |
| 3 | Ang Iba't Ibang Konsepto ng Sandaigdigan Sa Iba't Ibang Grupo sa Pilipinas | 22 |
| 4 | Ang Sanlibutan ng Tagbanua | |
| | Ayon sa Pag-aaral at mga Sulating Nababasa | 30 |
| | Ayon sa Sariling Pag-aaral ng Mananaliksik sa mga Tultol at mga Ritwal ng Tagbanua | 50 |
| 5 | Pagsusuri | 73 |
| 6 | Paglalagom at Konklusyon | 79 |
| Apendise | | |
| Apendiks A: | Mga Mapa | xvii |
| Apendiks B: | Mga Larawan | xix |
| Apendiks C: | <u>Transcription Notes</u> | xxvii |
| Bibliograpiya | | |

## TALAAN NG MGA ILUSTRASYON

Ilustrasyon I

Ang Sandaigdigan Ayon kay Robert B Fox 37

Ilustrasyon II

Ang Sandaigdigan Ayon sa Mananaliksik na si Ellen Martinez 80

## TALAAN NG MGA APENDIKS

Apendiks A: Mga Mapa

Mapa ng Aborlan xvii

Mapa ng Palawan na Nagsasaad ng Lugar ng mga Tagbanua xviii

Apendiks B: Mga Larawan

Mga Larawan ng Mananaliksik na si Ellen Martinez at ang mga Kapanayam na sina Masikampo Orlando Cursod at Ginoong Elisio Cursod xix

Mga Larawan ng Ritwal ng Runsay xx

Larawan ng Ritwal ng Pagdiwata xxvii

# KABANATA 1

## Panimula

Sa kasalukuyang panahon, ang kamalayan ng mga tao ukol sa kosmolohiya ay unti-unti nang lumalawak. Katunayan nito, marami ng mga iskolar ang nagsasagawa ng iba't ibang pag-aaral sa kamalayang total na siyang bahagi ng kosmikong kamalayan. Maging ang mga pangunahing pamantasan dito sa Pilipinas ay nagbibigay ng mga kursong nakatuon dito.

Sa aspetong natural science, ang pag-aaral sa kosmolohiya ay walang tigil dahil sa patuloy-tuloy na pagbabago ng sandaigdigan. Nariyan ang kanilang mga pag-aaral sa law of matter, energy, relativity at randomness ng mga elemento.

Maging ang social science ay nagbibigay na rin ng kurso para sa antas na Doctor of Philosophy. Halimbawa nito ay ang Applied Cosmic Anthroplogy ng Asian Study Institute o ASI sa layuning maisagawa ang mga konsepto sa sanlibutan sa pamayanan.

Samakatwid, hindi maituturing ang pag-aaral ng kosmolohiya bilang old fashion. At sa paglalaganap ng ganitong uri ng pag-aaral ang diwang new age ay pumapasok.

Ang new age ay isang kilusang heterogeneous ng mga indibidwal na kung saan ang karamihan ay isinasabuhay ay

mga paniniwala sa new age bilang bahagi ng kanilang pangrelihiyong gawain.[1]

Ang maibibigay ng mananaliksik na isang halimbawa ng ilang bahagi survey ay mula sa mga matatanda Estados Unidos na may ganitong paniniwala. Ang pagpapakita nito ay dahil sa nais ng mananaliksik na ilahad kung paanong ang konsepto ng kosmolohiya ay pumapasok.

Walong porsyento sa mga na-survey ay naniniwalang ang astrolohiya ay isang pamamaraan ng pagtukoy sa hinaharap.[2] Ginagawa nilang batayan ang puwesto ng kanilang mga buwan at bituin sa pang-araw-araw nilang pamumuhay. Marahil ay di man sapat ang maniwala sa ganitong mga "hula" o prediksyon, ginagawa pa rin nilang gabay kung anong pang-unawa nila sa sinasabi ng kosmolohiya.

Batay dito, kaya naman napili ng mananaliksik na pag-aralan ang kosmolohiya o sandaigdigan ng mga Tagbanua na masasalamin sa pamamagitan ng kanilang mga alamat o tultol at mga ritwal na masasabi nating kaganapang kosmiko. Sa pamamagitan nito ay masasalamin ang kaugnayan ng mga rehi-rehiyon o pagsasapin-sapin ng sandaigdigan. Sa pamamagitan rin ng pag-aaral na ito ay matatantong kung paano ang iba't

---

[1] http://www.religioustolerance.org/newage.htm
[2] Ibid.

ibang uri ng mga nilalang, tulad ng mga tao, diwata o anito at maging ang mga espiritu ng mga yumao, sa sandaigdigan ay maaaring mapagtagpo sa pamamagitan ng mga ritwal at mito.

**Pagpapahayag ng Suliranin**

Ang pananaliksik ng mag-aaral ay nakatuon sa diwa ng sanlibutan na mauunawaan ayon sa mga ritwal na idinaraos ng Tagbanua at ilang mito o tultol kinapapalooban ng isang ritwal na naisulat at naisalim-bibig.

Alamin ang kamalayan ng Tagbanua sa sanlibutan sa pamamagitan ritwal at tultol alinsunod sa katanungang: Ano ang diwa ng sanlibutan na masasalamin sa iba't ibang ritwal at tultol o alamat ng mga Tagbanua?

**Paglalahad ng Layunin**

Ibig ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ang makakalap ng mga impormasyon ukol sa mga ritwal at ilang tultol ng mga Tagbanua. Sa pamamagitan nito ay makikita ng mananaliksik ang diwa ng sandaigdigan ng mga Tagbanua. Layunin rin na mapatunayan ang paglalarawan ni Fox sa sanlibutan ng Tagbanua. Ibig niya ring makita ang istruktura ng sandaigdigan at ang mga aspetong maaaring naka-impluwensya rito. Nilalayon niya ang makapanaliksik

at makapanayam ang mga taong higit na may kaalaman sa diwa ng sandaigdigan. Nais din niyang makatulong at magbahagi ng kahit konting kaalaman man lamang upang higit pang mapalawak ang kamalayan sa sandaigdigan, higit sa lahat, para sa kabataang Tagbanua na hindi maitatangging bukas na ang kaalaman sa makabagong panahon o modernisasyon. Layunin ng mananaliksik na maging bukas ang kaisipan ng mga kabataang ito sa mayamang kamalayan ng kanilang mga ninuno at ito'y walang kasinghalaga bilang pamana na siyang patuloy na bumubuhay sa kanilang mga ritwal.

**Sakop at Limitasyon ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ng mananaliksik ay tumatalakay sa pangkalahatang ritwal ng Tagbanua sa Palawan na nagpapatibay sa diwa ng sandaigdigan. Bagamat ang sentro ng pinagkuhanan ng impormasyon ay mula sa Aborlan sa Palawan, kung saan ang pinuno ng Tagbanua o ang Masikampo ay nakatira. May ilang mga mito na nakapaloob sa ritwal ay mabibigyan rin ng pansin. Ito ang magiging batayan sa pagsasagawa ng paradimo o modelo sa pagbubuo ng balangkas, ng pagsusuri at paghahalaw.

Bagama't maraming ritwal ang mga Tagbanua, iilan lamang dito ang mapapalawak ng mananaliksik sa kadahilanang ang ritwal ay napakasagrado sa kanila at hindi basta-basta

ipinakikita o ipinahahayag sa mga tao. Gayundin, higit sa lahat, nabigo ang mananaliksik na makakuha ng kahit ilang bahagi ng chanting na kanilang ginagawa sapagkat ito ang kanilang dalangin sa pagtatawag sa kanilang mga diyos. Samakatwid, ang chanting ay lubos na sagrado para sa mga Tagbanua. Gayunpaman, may mga ritwal na pinapayagang malaman at saliksikin ng ilan.

Isa sa mga dahilan din ng pagiging limitado ng pag-aaral na ito ay dahil sa ang pook na kung saan sentro ng pag-aaral ng mananaliksik ay pinaniniwalaang may kakaibang enerhiya ang bumabalot. Ayon sa kanyang personal na karanasan sa ganoong uri ng pook, hindi lahat ng taong makakasalamuha ay karaniwan. May iilan rito ang may di pangkaraniwang kapangyarihan na maaaring magdulot sa mga dumadayo ng matinding karamdaman. Nakatitiyak lamang siyang ang mga taong nilapitan ay siyang makakatulong at makakapag-gabay sa kanya nang tunay.

**Pamamaraan**

Ang mananaliksik ay sumadya sa kanyang bayan sa Palawan, sa Puerto Prinsesa, upang doon ay tunay ngang makakalap ng impormasyon para sa kanyang tesis sa diwa ng sanlibutan ng Tagbanua. Siya ay nagsangguni muna sa mga organisasyon na may kinalaman o kaugnayan sa mga Tagbanua.

Ilan rito ay Nagkakaisang Tribu ng Palawan (NATRIPAL), Bandillo ng Palawan (Pahayagan at Magasin), at Haribon Palawan. Nagsaliksik rin sa mga pangunahing silid-aklatan tulad ng Lungsod-Aklatan ng Puerto Prinsesa, Palawan State University, Holy Trinity College, at State Polytechnic College of Palawan sa Aborlan. Hindi rin kinaligtaan ng mananaliksik na puntahan ang Palawan Museum sa pag-asang siya ay makakalap ng impormasyon. Higit sa lahat, ang mananaliksik ay personal na sumangguni sa pinuno ng Tagbanua sa Palawan, si Masikampo Orlando Cursod at sa ilang nasasakupan nito upang makakalap ng impormasyon.

Ang pamamaraan ng pag-aaral ay sisikapin ng mananaliksik na maaayon sa structural analysis ni Claude Levi-Strauss. Gayunpaman, naiiba sa istrukturang ito ni Strauss, sa pag-aanalisa ng mananaliksik ay may tagapamagitan o gumigitna sa dalawahang o tambalang paglalabanan ng mga elemento.

Sa pamamagitan ng bawat ritwal at tultol ay mahukay ang tunay na diwa ng sanlibutan ng Tagbanua, kung ano ang maaaring nakatagong kaalaman mula sa mga ito.

Samantala, sa isa pang pamamaraan, ang thematic analysis, nilalayon na makita ng mananaliksik ang iba't ibang anyo ng salungatan at tambalan.

Ipapahayag ang araling ito sa pamamagitan ng lapit historikal o base-sa-kasaysayan at pagsusunud-sunod na pag-aaral ng mga tultol at mga ritwal, iba't ibang diwa ng sandaigdigan ng iba't ibang grupo ng katutubo sa Pilipinas, at ang sariling kamalayan ng mga Tagbanua sa sandaigdigan.

**Pagbabalik-Tanaw sa Literatura**

Upang lubos na maunawaan ang pag-aaral ng diwa ng sanlibutan ng Tagbanua, muli munang silipin ang ilang akda, artikulo at mga desiminasyong nailathala man o hindi, na nagtatalakay sa nasabing paksa.

Inilarawan nina James F. Eder at Janet O. Fernandez sa akda nilang Palawan at the Crossroads (1996) ang Palawan bilang pook na kung saan maraming grupo ng katutubo ay matatagpuan. Ang lalawigan ay tahanan ng mga aborihinal na grupo ng Tagbanua na naninirahan sa tabi ng ilog, at sa mga lambak ng gitnang bahagi ng lalawigan.[3]

Ayon kay Nilo S. Ocampo sa aklat niyang Katutubo, Muslim, at Kristiyano: Palawan 1621-1901 (1985), ang lalawigan ng Palawan na nabunyag umano ng mga paghuhukay sa

---

[3] Eder, James F. and Janet O. Fernandez. Palawan at the Crossroads. Development and Environment on the Philippine Frontier. ADMU Press, Quezon City. 1996.

lalawigan ang isang malinaw na pangkatangiang kompleks at ito ay ang ritwal para sa pagsasamba sa-mga-yumao.[4]

Nakasaad rin sa aklat ni Ocampo ang iba't ibang elemento ng pagsamba sa mga yumao at ilan rito ay nagaganap pa rin sa kasalukuyan. Ito ay ang palayukang pang-ritwal at pamburol, paggamit ng bangka-ng-mga-yumao at iba pa.[5]

Dagdag pa niya, bago pa man dumating ang mga Kastila sa Pilipinas ay may naninirahan ng mga taong Proto-Malay at ito nga ay ang Tagbanua, Palawan at Batak.[6]

Inilarawan ni Cristina U. Oaman sa tesis niya na Literature of Tagbanua Tribes in Cabigaan, Aborlan, Palawan, ang Tagbanua bilang mga katutubo na naninirahan sa sentral na bahagi ng Palawan, ang Aborlan. Ang mga Tagbanua ay unang nanirahan sa tabing-ilog at mga lambak.[7]

Binigyang paglalarawan rin ni Canga-Arguelles sa akdang La Isla de la Paragua (1888) na ang Tagbanua ay "siyang pinakamarami at natatangi sa kanilang pagkamakaibigan at likas na pagkatahimik." Sama-samang namamahay sa tabi ng mga ilog, mga pagano subalit madaling makuhang mapabinyagan ang mga anak; nananahanan ang kanilang diyos sa bibig ng mga ilog at may pangalang

---

[4] Ocampo, Nilo S. Katutubo, Muslim, at Kristiyano: Palawan 1621-1901. Kolonya, Alemanya, 1985. P. 10
[5] Ibid.
[6] Ibid
[7] Oaman, Cristina U. Literature of Tagbanua Tribes in Cabigaan, Aborlan, Palawan. SPCP, Aborlan, Palawan. April 2001. P. 4.

Manguindose, siyang nakatanod sa lahat ng kanilang pagkilos sa buhay at inaalayan ng bigas at ulam na isdang tuyo.[8]

Samantala, sa tesis ni Trichelle V. Dioso na Correlate of Religion As Practice among the Tagbanua in Selected Barangays in Aborlan, Palawan (2001), ginamit niya ang parirala mula kay Ramos (1989) at Arens (1951) na ang magkakaugnay na mga ritwal at paniniwala ang nag-iwan ng bakas na buhay ng Tagbanua. Ito ay may kaugnayan sa maraming uri ng antas ng paglikha (existence). Dagdag pa nila, mula sa mga ninuno pa ang pagsasamba sa mga espiritung yumao at itinuturing ang mga espiritung ito bilang kabilang sa mga diyos (deities) na handugan ng kapurihan at kasiyahan.[9]

Ayon pa ka Robert B. Fox sa disertasyon niyang Religion And Society Among the Tagbanua of Palawan Island, Philippines (1954) ang pinakabahagi ng buhay ng ritwal ng Tagbanua ay nakatuon sa pagtatanggol at pagbibigay proteksyon sa kanilang mga sarili sa mga espiritu at epidemyang karamdaman. Dagdag pa ni Fox, ang ritwal ay siyang pinakapuno sa mga gawain ng Tagbanua bilang

---

[8] Canga-Arguelles. *La Isla de la Paragua.* 1888. P. 8

[9] Dioso, Trichelle V. Correlate of Religion as Practice Among the Tagbanua in Selected Barangays in Aborlan, Palawan. SPCP, Aborlan, Palawan. April 2001. P6

pagpapamalas nila sa pagsamba at pananampalataya sa kanilang diyos at sa mga espiritu ng mga yumao.[10]

Kaugnay sa mga nabanggit bilang pagkilala ng Tagbanua sa panlipunang gamit ng relihiyon ay isinaad ni Alfred Reginald Radcliffe-Brown sa akdang The Function of Religion in Society (1952) na ang relihiyon ay nagbibigay-bahagi tulad ng "batas at moralidad" para sa pagsasaayos ng mga lipunan at ang ritwal umano ay siyang nagpapanaatili, nagpapaunlad at nag-papamana o nagsasalin mula sa isang henerasyon patungo sa iba na kung saan ang komunidad ay umaasa.[11]

Sa kadahilanang ang diwa ng sanlibutan ng Tagbanua ay di-pangkaraniwan, muling silipin ang pananaw ni Robert B. Fox sa aklat na Filipino Heritage: The Making of a Nation (1977) na ang Tagbanua ay may paniniwalang ang langit ay bai-baitang na nakahanay tulad ng isang hagdanan ng bahay na kung saan ay ang diyos na si *Magkered* ay matatagpuan sa wastong oras ng katanghalian at nagkakaloob ng kapangyarihan sa pagbibigay-lunas sa mga may karamdaman.[12]

Ang iba't-ibang ritwal ay may mga diyos na pinag-aalayan. Isinaad nina John Iremil Teodoso at Yasmin O. Arquiza sa kanilang magasin na Bandillo ng Palawan, ang isa

---

[10] Fox, Robert B. Religion and Society Among the Tagbanua of Palawan Island, Philippines. University of Chicago. Illinois, USA. August 1954. P. 209
[11] Radcliffe-Brown, Alfred Reginald. The Function of Religion in Society.
[12] Fox, Robert B. Filipino Heritage: The Making of a Nation. Vol. 2. P. 386

sa mga ritwal, ang *pagdiwata*, na ito ay handog pasasalamat para kay *Manguindusa* at ginaganap ito sa kabilugan ng buwan pagkatapos ng pag-aani.[13]

Samantala, ang pinaka-dramatikong ritwal ng Tagbanua, ang *runsay*, ay binigyang paglalarawan ni Trichelle V. Dioso sa tesis niyang Correlate of Religion As Practice among the Tagbanua in Selected Barangays in Aborlan, Palawan (2001) bilang ritwal sa pagbibigay parangal sa diyos ng pangingisda at ginaganap isang beses sa isang taon. Kaagapay sa ritwal na ito ay ang *tabad* at gong.[14]

Samakatwid, ang pag-aaral naman ng mananaliksik ay masasalamin ang diwa ng mga Tagbanua sa sanlibutan sa pamamagitan ng mga ritwal at ilang mga *tultol* nito.

---

[13] Teodoso, John Irelil and Yasmin O. Arquiza. "Pagdiwata at Kamarikutan and the Twain Shall Meet." Bandillo ng Palawan Magazine. May 1999. P. 11.

[14] Dioso, Trichelle V. Correlate of Religion as Practice Among the Tagbanua in Selected Barangays in Aborlan, Palawan. SPCP, Aborlan, Palawan. April 2001. P7.

**Pagbibigay Kahulugan sa mga Termino**

Lubhang marami ang mga lokal na wika ang matutunghayan sa tesis. Hayaang ang iba ay maibahagi bilang sa bahaging ito ng papel.

*Langit* ang bansag ng mga Tagbanua para sa sanlibutan o sandaigdigan na siyang bumabalot sa tanan at ito ay may iba't ibang sapin o rehiyon.[15]

Ang *ritwal* ay ang tradisyunal na pagdiriwang at pag-aalay ng katutubong Tagbanua na madalas isinasagawa ng mga magsasaka.[16]

Ang *tultol* ay isang mito o tradisyunal na kuwento na nagsimula bago pa ang panitikan sa kamalayan ng mga tao at kinapapalooban ng higit sa katutubo.[17]

Ang *Tagbanua* ay isang aborihinal na grupo na naninirahan sa bahaging sentral ng Palawan.[18]

Ang munisipyo ng *Aborlan* ay isa sa mga pook na kung saan naninirahan ang karamihan sa mga Tagbanua.[19]

Ang *runsay* isang ritwal bilang pagbibigay-puri sa Diyos ng karagatan at ang pinakadramatikong ritwal ng Tagbanua.[20]

---

[15] Fox, Robert B. Religion and Society Among the Tagbanua of Palawan Island, Philippines. University of Chicago. Illinois, USA. August 1954.
[16] Bayuga, Rose May. A Tagbanua Legacy: History of Palawan national Agricultural College. P. 2
[17] _____. Worldbook 2001. Vol 16 Q-R. Worldbook Inc., Chicago.
[18] Bediones-dela Cruz, Lourdes. "Isang Katipunan ng mga Piling Katutubong Panitikan ng Tagnabua sa Palawan." Dalubhasang Normal ng Pilipinas. Marso 1 987. Pp. 12-18.
[19] Oaman, Cristina U. "Literature of Tagbanua Troibes in Cabigaan, Aborlan, Palawan." SPCP, Aborlan Palawan. April 2001. Pp. 4-5.

Ang *pagdiwata* ay pinakamatandang ritwal ng Tagbanua na ginagawa lamang ng babaylan at isang ritwal ng pagpapasalamat kay *Manguindusa* sa masaganang ani.[21]

Ang *turon* ay isang awitin ng Tagbanua na tanging ang Babaylan lamang ang umaawit habang binubuksan o sinisimulan ang ritwal na pagdiwata.[22]

Ang *sagkat* ay isang pagdiriwang bago magsimula sa pagkakaingin ng Tagbanua.[23]

Ang *magpamitabhan* ay isang seremonya ng pagtatanim.[24]

Ang *sungrud* ay isang seremonya ng pag-aani.[25]

Si *Magdegoy* ay isang mataas na katungkulan, diyos ng katungkulan ng kapangyarihan, espiritu ng yumaong ninuno at kamag-anak.[26]

---

20 _______. "Tagbanua." CCP Encyclopedia of Philippine Arts. Vol. 2. People of the Phlipipines Kalinga-Yakan. Pp. 356-369.

21 Valdez, Sharron A, et.al. "The Selected Healing Practices of the Tagbanua and Their Relevance of P. E." Palawan State University. Mar ch 1997. Pp. 21-32.
22 Oaman, Cristina U. "Literature of Tagbanua Tribes in Cabigaan, Aborlan, Palawan." SPCP Aborlan, Palawan. April 2001. P. 5.
23 Emag, Cristina. "The Effect of Ritual on the Economic Status of Tagbanua Tribes in Selected Barangays in Aborlan, Palawan." SPCP Aborlan, Palawan. April 2002. P. 4.
24 Ibid.
25 Ibid.
26 Oaman, Cristina U. "Literature of Tagbanua Tribes in Cabigaan, Aborlan, Palawan." SPCP Aborlan, Palawan. April 2001. P. 5.

## KABANATA 2

## ANG LALAWIGAN NG PALAWAN

Ang kasaysayan ng Palawan ay maaaring mabalikang tanaw mula pa noong 22,000 taon pa ang nakakaraan. Ito ay nagsimula noong matuklasan ang mga buto ng isa sa mga kauna-unahang tao sa mundo na tinatawag na taong Tabon dahil sa natuklasan ang mga ito sa kuweba ng Tabon sa Quezon, Palawan.[27]

May ilang mga maaaring pinagmulan ang salitang "Palawan" na siyang bansag sa lalawigan. Noong ika-9 na siglo, ang lalawigan ng Palawan ay minsang binansagan ng mga Tsinong mangangalakal bilang *Pa-lao-yu* na nangangahulugang "*Land of Beautiful Harbors*."[28]

Pinaniniwalaan naman ng ilan na ang salitang "Palawan" ay mula sa salitang Indian na "*Palawans*" na ang ibig sabihin ay "teritoryo." Samantalang wika naman ng ilan ay nagmula raw ito sa halaman na nagngangalang "*Palwa*."[29]

Gayunpaman, malakas ang paniniwala ng ilan na ang "Palawan" ay mula sa salitang Kastila na "*Paragua*" dahil sa paghuhugis-payong na nakasara ang itsura ng lalawigan.[30]

---

[27] www.philtravelcenter.com/philippines/travelinfo/palawan-history.html

[28] Mula sa isang kompilasyon na nakalap sa Palawan Museum na pinamagatang "The History of Palawan."

[29] www.philtravelcenter.com/philippines/travelinfo/palawan-history.html

[30] Mula sa isang kompilasyon na nakalap sa Palawan Museum na pinamagatang "The History of Palawan."

Ang Palawan ay ang pinakamalaking lalawigan ng bansang Pilipinas. Ito ay isang arkipelago ng 1,777 mga pulo at maliliit pang mga isla. Ito ay may sukat na 14, 893.3 kuwadro kilometro at inuukopa ang 4.96% na bahagi ng kabuuang sukat ng Pilipinas. Ang Palawan ay may haba ng 650 kilometro mula sa kabilang dulo hangang sa kabila pang dulo. Ito ay may kabuuang baybayin na 1,959 kilometro. Ang lalawigan ay napapagitnaan ng pulo ng Mindoro at hilagang bahagi ng Borneo at itinatayang 240 kilometro mula sa timog-kanlurang bahagi ng Maynila.[31]

Ang pinakamalaking bahagi at mahabang isla ay bulubundukin, lalo na sa kanlurang bahagi ng lalawigan. Ang mga bundok ay itinatayang 1,068 metro kataas hanggang sa bundok ng Mantalingahan na pinakamataas at may sukat na 2,086 metro.

Ang pangunahing lupain ng Palawan ay may haba na 425 kilometro at ang pinakamalawak o maluwang na bahagi ay sa Brooke's Point. Samantala sa Bahile, Puerto Princesa naman ay ang pinakamakipot na lupain sa lalawigan at nagsusukat na 8.5 kilometro.

Ang Palawan ay tahanan ng iba't ibang uri ng tao, ng iba't ibang grupo. Kaugnay nito, ang lalawigan ay hiwalay o kaiba sa iba pang lugar sa Asya mula pa noong Panahong

---

[31] Ocampo, Nilo S. Katutubo, Muslim, Kristiyano: Palawan, 1621-1901. Kolonya, Alemanya, 1985. P. 25

Pleislocene o panahon ng bato. Samakatwid, ang mga lalawigan ay mayaman sa mga tribung kultural na sadyang naiiba.

Ang mga katutubo ay ang sumusunod: Tagbanua, Palawan, Batak, Ken-uy Calamian & Muslim (Jama Mapun, Molbog at Tausug.) Sa mga ito, ang Tagbanua at grupo ng mga Muslim at Molbog ay siyang nangingibabaw na katutubo sa lalawigan. Gayunpaman, sa kabuuan, ang mga Cuyunon ay mas nakakarami sa bilang ng mamamayan sa Palawan.

Ayon sa huling survey ng National Statistic Office noong 1995, ang kabuuang bilang ng mamamayan sa Palawan ay 633, 384 at 1.99% dito ang bilang ng Tagbanua.[32]

Sa kabuuan, 52 na wika ang umiiral sa lalawigan, mga 28 % ng tao ay may wikang Tagalog, 26.67% sa wikang Cuyuno, 11.08% sa Palawan at 9.6% sa Ilongo.[33]

---

[32] National Statistics Office. 1995 Census of Population. Report No. 2-72D. Palawan. Socio Economic and Demographic Characteristics. Manila. March 1997.

[33] Mula sa kompilasyon ng Palawan Museum na pinamagatang "The History of Palawan."

## Ang Tagbanua sa Palawan

May ilang mga mito ukol sa pinagmulan ng Tagbanua. Sa disertasyon ni Fox, ito ay naibahagi sa kanya ni Masikampo Clemente. Minabuti ng mananaliksik na lagyan ng bilang ang mito sa Tagbanaua at ang mga pangyayari nang sa gayun ay madaling masalamin ang pagkakaiba o pagkakapareho ng mga mitong ito. Gayundin, ang Makita ang maaaring impluwensya ng mga kaisipang ito.

Ang unang mito ng Tagbanua (MT1) ay kakikitaan ng impluwensyang Kristiyano mula sa mga pangalan ng tauhan na maaaring nakuha sa Bibliya.

1. Lumikha ang Tagapaglikha[34] ng unang tao na nagngangalang Adan.
2. Ito ay tila bato na hindi makapagsalita.
3. Pagkatapos nito ay lumikhang muli ng lupa.
4. Datapwat, nananatili pa ring di makapagsalita ang tao.
5. Nakadama ng awa ang Tagapaglikha para kay Adan sapagkat ito ay walang kasama.
6. Nang makatulog si Adan ay lumikha siya ng magiging kasama nito, si Iba.
7. Namalas ni Adan si Iba nang siya'y gumising.
8. Naging mag-asawa sina Adan at Iba at nagkaroon ng tatlong supling.
9. Isang hapon, nakatulog si Adan
10. Umakyat sa bahay ang panganay na anak.

[34] Ang pagtukoy ni Masikampo Clemente sa Tagapaglikha ay si Manguindusa.

11. Nakita ng panganay ang ari ng kanyang ama na nakababahag lamang.
12. Lubhang naging bastos at di magkakamayaw sa katatawa ang panganay na anak.
13. Ang dalawa sa kapatid ay walang anumang reaksyon.
14. Ang panganay ang siyang naging ama ng Tagbanua.

Samantala, ang isa pang bersyon ng pinagmulan ng Tagbanua ay sadyang kakaiba sa nauna. At ito rin ay itinuturing na *tultol* o mito ng pinagmulan (MT2).

Walang nabanggit na mga pangalan sa mito, kundi tinagurian lamang ang babai't lalaki na mag-asawa. At sa pagkakataong ito apat ang binanggit na anak ng mag-asawa.

1. Nang umakyat ang magkakapatid, nagisnan nilang tulog ang mga magulang.
2. Ang panganay ang naunang pumanhik sa bahay.
3. Itinaas nito ang tapis ng kanyang ina.
4. Tumawa nang tumawa ang panganay na anak nang makita ang kahubadan nito.
5. Bahagya lang naman tumawa ang pangalawa.
6. Samantalang ang sumunod na anak ay hindi man lang tumawa.
7. Ang bunsong anak naman ay nagpamalas ng paggalang nang kanyang takpan ang kahubdan ng ina.
8. Nagkukunwari lamang palang natutulog ang mag-asawa.
9. Kaya ang ginawa ng ama ay isa-isang binigyan ang mga anak ng iba't ibang bagay.
10. "Putol ng patpat, pamalo sa tulong mula sa balat ng kahoy" para sa panganay.
11. Isang "piraso ng punit na tela" para sa pangalawa.
12. Isang piraso ng bagong tela naman sa sumunod.
13. Para sa bunso ay isang pirasong bakal.

14. Ayon sa kanilang ama, ang mga bagay na ibinigay nito ay magagamit nilang laruan at ipamamana sa magiging mga anak nito.

15. Sa panganay, kung wala ang tulong ng iba ay maghihirap ito.

16. Samantalang kaginhawaan na buhay naman ang matatamasa ng bunso.

17. Sapagkat ang gamit na bakal ay magpapaginhawa sa mga gawain.

18. Ang pinagmulan ng Tagbanua ay ang pangalawang anak.

Mula sa mga impormasyong naibigay, makikita mula sa MT1 Blg. 1, ang presensya na Tagapaglikha, maaaring sinabi ni Rimson na ang pagtukoy niya rito ay si Manguindusa ngunit sa presensya ng mga pangalan ng mag-asawa na Adan at Iba, malinaw na tinutukoy ay ang Diyos na kinikilala ng mga Kristiyano. Maaaring sabihin na ang naunang mito ay may impluwensya ng Kristyanismo.

Malinaw rin na makikita ang pagkakatulad ng paglalarawan na natutulog ang magulang nang gumawa ng kalokohan ang anak. Bagamat sa unang mito, si Adan ang "biktima" ng anak, samantalang ang ina sa pangalawang mito. Para sa mananaliksik, ang impluwensyang Krisyanismo sa unang mito ang naging dahilan ng pagiging *patriarchal* ng istorya. Gayunpaman, makikita rin ang ganitong aspeto sa MT2 na ang ina nga ang "binastos" ang desisyon pa rin ng ama ang nasusunod.

Bagamat may pagkakaiba ang mga pahayag sa dalawang mito ang pinagmulan ng Tagbanua, iisa ang pagtukoy nila sa Tagbanua. Sila ang may mahirap na magiging buhay, primitibo at di-sibilisado.

Ngunit, ano nga ba ang Tagbanua? Sino sila?

Inilarawan ang Tagbanua bilang isang uri ng Proto-Malay kasama ang mga Batak, at Palaw'an.[35] Mula sa mga natagpuang pananaliksik ng mga iskolar sa mga naiwang ebidensya na mga Tagbanua nga natuklasan nilang mga buto o fossils.

Ang Tagbanua ay isa sa mga grupong katutubo sa Palawan na naninirahan sa kapatagang sentral ng Palawan.

Bago pa man dumating ang mga Espanyol, ang mga Tagbanua ay matatagpuang nakatira sa tabing-dagat at lambak. Sagana sila sa agrikultura at pangingisda. Matatagpuan sila sa Aborlan, Araceli, El Nido, Linapacan, Busuanga, Coron, San Vicente, Puerto Princesa at Roxas.

Nangingibabaw sa pamayanan ng Tagbanua sa kanilang pang-araw-araw na gawain ang paniniwala, pananampalataya at pag-iisip sa tradisyunal na pamamaraan. Isang malinaw na halimbawa nito ay ang makahulugang pamanang kamalayan ng kanilang mga ninuno sa maayos o organisadong paglalarawan sa sandaigdigan na makikita sa mga ritwal na kanilang

---

[35] Ocampo, Nilo S. 1996.

ipinagdidiriwang at maging sa mga *tultol* na naikukuwento. Ang paniniwalang ito ng Tagbanua ay siyang naging daan na silang tinaguriang may "katutubong relihiyon"[36]

Ang ganitong paniniwala ay nagpapatibay ng pagiging Tagbanua ng mga Tagbanua. Sila ay may maayos ng pagpapaliwanag sa mga konsepto ng sanlibutan ng tao at proseso ng buhay at ang pagpapakahulugan sa buhay at kalupaan at maging ang buhay sa kabilang dimensyon.

---

[36] Tiongson, Nicanor. Tuklas Sining: Essays on Philippine Arts. CCP, Manila. 1991. P. 63.

# KABANATA 3

## Ang Iba't Ibang Konsepto ng Sandaigdigan sa Iba't Ibang Grupo sa Pilipinas

May mga iskolar na nagsagawa ng pag-aaral ukol sa iba't ibang diwa ng sandaigdigan ng iba't ibang grupong kultural sa Pilipinas. Mapapansing kahit sa anong grupo ng tao ay makikitaan ng pagkakapareho sa ilang pananaw, gayundin ang pagkakaiba o pagkakasalungat.

Halos iisa ang diwa ng mga Pilipino sa sanlibutan bilang kabuuan, isang sandaigdigan na nahahati sa iba't ibang rehiyon. Ang kosmos ay binubuo ng maraming langit na walang hangganan o boundary at porma.[37] Sa sanlibutan ang iba't ibang elemento ng buhay, pisikal o ispiritwal na naninirahan ay maaaring magtagpo-tagpo. Maging ang mga tao ay kumikilos ayon sa kanilang kapaligiran. Binibigyang halaga ng mga tao na maaaring makasaling sila o makasakit sa mga nilalang sa kapaligiran na hindi kauri ng tao.

*Langit* din ang katawagan ng karamihan sa mga grupong katutubo tungkol sa langit.[38] Ang dalawa pang bahagi, ang lupa at ilalim ng lupa ay may kanya-kanyang katawagan ayon sa linggwistik ng tribu ngunit pare-pareho ng konsepto ukol rito.

---

[37] www.geocities.com/Tokyo/Temple/9845/spirit.htm
[38] ________. Kasaysayang Bayan. Sampung Aralin sa Kasaysayang Pilipino. Adhika ng Pilipinas. National Historical Institute. 2001. P. 72.

Sa Tagalog, ang katutubong _pagano_ ay may apat na rehiyon na bumubuo sa sanlibutan. Una rito ay ang langit na kung saan nananahan si _Bathala_, ang dakilang diyos. Ang pangalawang rehiyon ay ang lupa, ang daigdig ng mga taong nabubuhay at ang pook na pinagmulan ng mga namatay. Samantala ang _maca_, ang bayan ng pahinga, ay siya namang tahanan ng mabubuting espiritu kaya'y di man nila kasama si _Bathala_, sila ay nabubuhay pa rin nang maginhawa. Ang huling rehiyon ay ang _casanaan_. Ito ay pook ng mga masasamang espiritu at dito'y namumuhay sa paghihirap bilang parusa.

Sa pamamagitan ng mga mito at epiko ng mga grupo, nailalarawan ang konsepto ng sanlibutan. Tulad ng mga taga-Iloko na naniniwalang ang sandaigdigan ay nahahati sa tatlong bahagi o rehiyon na tinitirhan ng mga espiritu.[39] Ang itaas na daigdig, ang langit, kung saan nananahan si _ibabawon_ o _udtuhanon_. Malaki ang bahagi nila sa mga penomena tulad ng "eklipse, kidlat at kulog." Sa gitnang daigdig naman nakatira ang mga _dutan-on_ at nakikipag-ugnayan o nakikisalamuha sa mga tao. Samantala, sa ilalim ng daigdig ay matatagpuan naman ang mga _idadalmonon_.

[39] Nakalap mula sa aklat ng National Historical Institute na pinamagatang _Kasaysayang Bayan_, pahina 71, at naisulat ang konsepto ng sanlibutan mula sa epikong akda ni F. Landa Jocano na pinamagatang "The Epic of Labaw Dongon"

Sila ang may kinalaman sa lindol at baha sa tuwing sila'y marahas na gagalaw.

Ang mga Bikolano sa Kabisayaan ay naniniwala rin na ang sanlibutan ay nahahati sa tatlong bahagi. Una na rito ay ang langit na tinatawag na *kamurayawan* kung saan nananahan si *Gugurang*. Pumapangalawa ang rehiyon ng lupa na tahanan ng mga buhay na tao ngunit nasa paligid rin lamang nila ang ilang anito, diwata at maging mga espiritu.[40] Ang huling bahagi ng sanlibutan, para sa mga Bikolano, ay ang *gagamban* at dito nakatira ang *aswang*.

Ang mga Pintados sa Isla ng Panay ay naniniwalang ang sanlibutan ay may iba't ibang rehiyon. Sa pinakamataas na bahagi ang langit at matatagpuan dito ay si *Macaptan*, ang kanilang diyos, kasama ang isa pang diyos na si *Sidap*.[41] Tulad ng mga Tagbanua sa Palawan, mayroong partikular na lugar o espasyo sa langit na nalalaan para sa mga Pintados na namatay sa karahasan tulad ng saksak, kinain ng buwaya o di kaya'y napana gamit ang balangaw.[42] Hindi agad sa langit napupunta ang mga kaluluwa, mabuti man sila o masama, sila ay dadalhin muna ni *Maguayen* sa "mababang rehiyon." Ang "mababang rehiyon" ay pinamumunuan ng mga

---

[40] Mula sa aklat ng National Historical Institute, bahagi ng akda ni Jose Callija Reyes na Bicol Maharlika, pahina 23-24.

[41] Ayon sa paglalarawan ni Loarca sa Miguel de Loarca "Relacion of the Philippine Islands." Teksto mula sa aklat na Kasaysayang Bayan sa akda ng National Historical Institute.

[42] Ibid.

diyos na sina *Simuran* at *Siguinarugan*. Tulad ng mga *salakap* ng Tagbanua na dala ang mga kaluluwang ito sa pamamagitan ng *adiyung*, gamit ni *Maguayen* ang *barangay* na isa ring bangka sa pagdala ng mga kaluluwa. Naniniwala din ang mga taga-Panay na iba-ibang bahagi ng sanlibutan ang kahahantungan ng mga kaluluwa ng namatay at naayon sa sanhi ng mga ikinamatay ng mga ito. Ang iba ay sa langit mapupunta, samantalang ang ilan ay sa dagat, ang iba ay tatangayin ng hangin sa Bundok ng Mayas na matatagpuan din sa Panay, o di kaya'y sa bundok sa Borneo.[43] Ang mga kaluluwa ay maaaring makuhang muli sa diyos na si *Sisiburanen* sa pamamagitan ng isang pag-aalay na gagawin sa isang partikular na ritual. Kung hindi naman makuha pabalik ay mananatili ang mga kaluluwa sa kinalalagyan at maghihintay na mabihag o "kainin" ng iba pang diwata.

Samantala, ang isa pang bahagi ng sanlibutan ng mga Pintados ay ang lupa na kung saan naninirahan ang mga tao kasama ang ilang espiritu at diwata.[44]

Para naman sa mga Bagobo sa Timog-Silangang Mindanao, nilalarawan ang kosepto ng sanlibutan sa pamamagitan ng isang mito. Ayon sa mito, ang ina ng mga sinaunang nilalang na si *Tuglibong* ay minsang nagbayo at dahilan ito

---

[43] Ibid.
[44] Ibid.

upang tumaas nang tumaas ang langit.[45] Dahil rin sa kanyang ginawa, nagbigay-daan para sa mga taong magkaroon ng kalupaang magagalawan. Para sa kanila, ang langit ay may siyam na sapin. Ang unang sapin ay pinamumunuan ni *Lumabat* na ayon sa mito ng Bagobo ay umakyat sa langit at iniwan ang kapatid na babae na si Mebuyan.[46] Ang ikalawang sapin naman ay pinamumunuan ni *Salamiawan*. Ang ikatlong sapin naman ay pinamumunuan ni *Ubnuling*; si *Tiun* sa ikaapat na sapin; sa ikalima ay si *Biat'odan*; sa ikaanim, si *Bia-ka-pusud-an-langit*, na nangangahulugang "babae sa pusod ng langit"; si *Kadeyuna* sa ikapito; si *Malaki Lunsud* sa ikawalo; at sa huling sapin ay si *Panguilili*.[47]

Pinaniniwalaan rin ng mga Bagobo na ang kalupaan ay pantay na paikot at lumulukob rito ang langit. Para sa kanila, ang sugpungan ng langit at lupa ay bumubukas at sumasara na nahahalintulad sa isang hayop na ngumunguya (*supa-supa*).[48] Sa isang mito ng Bagobo, tanging si *Lumabat* lamang ang nakatawid patungong langit dahil ang ibang sumubok ay pira-pirasong nahahati. Ibig sabihin lamang nito, karapat-dapat si *Lumabat* at may katangiang maging diwata. Maaari ring magsilbing tulay ang balangaw o

---

[45] Raats, Pieter Jan, SVD. A Structural Study of Bagobo Myths and Rites. Cebu City. P. 11

[46] Raats, Pieter Jan, SVD. A Structural Study of Bagobo Myths and Rites. Cebu City. P. 24.

[47] Mula sa Kasaysayang Bayan ng National Historical Institute na nakalap sa akda ni Laura Benedict na A Study og Bagobo Ceremonial Magic and Myth, 1916, sa pahina 16-17.

[48] Raats, Pieter Jan, SVD. P. 25

bahaghari, ang ilog, o baging, sa pamamagitan ng mga sapin. Maaari ring malampasan ang ganitong pagsubok sa mga Bagobo kung sila ay may kakaibang kapangyarihan tulad ng diwatang may pakpak.

Maaari naming bumaba sa ilalim ng lupa sa pamamagitan ng butas dito at kakapit sa baging o muling sundan ang ilog patungo sa pusod ng dagat pababa sa ilalim ng lupa. Ang mga yungib naman ay maaaring pasukin sa lihim nitong daanan patungo sa kaitaasan at kailaliman, o sumakay sa isang sasakyang pandagat na, tulad ng nailalarawan sa mga nauunang pahina, nakakapaglakbay hindi lamang sa ilog o dagat, kundi maging sa papawirin.[49]

Sa ilalim ng kalupaan ay nananahan ang mga nilalang tulad ng "higanteng alimango" at *igat* at sa bawat marahas na paggalaw nila ay nagsasanhi ng lindol, nahahalintulad sa konsepto ng *idadalmonon* ng mga taga-Iloko. Naniniwala ang mga Bagobo sa ilalim ng lupa na tinatawag na *Kilut* o *Gimokudan*.[50] Ang *kag-bunoan*, isa sa mga rehiyon ng *Gimokudan*, ay ang lugar para sa mga namatay sa saksak ng patalim o sibat. Tulad naman ng konsepto ng Tagbanua sa isang ilog na tinatawag na *kalabegang* sa *basad* (underworld), ang paniniwala naman ng Bagobo na bago pa

[49] Ibid.
[50] Ibid.

man mapunta ang mga kaluluwa sa *Gimokudan*, sila ay dadaan muna sa *Alamiawan*, ang pook ng ilog na itim at tinatawag din bilang *Mabua ka Metum Waig*. Ang pook na ito ay pinamumunuan ng isang babaylan, si *Mebuyan*.[51] Sa isang seremonya, si *Mebuyan* ang namamahalang linisin ang mga kaluluwa. Matatagpuan ang maraming puno ng niyog at *areca* sa daan patungong ilog. At pagkatapos ng ginawang seremonya, bago pa lang tutuloy sa *Gimokudan* ang mga kaluluwa.[52]

Tulad ng pagsasalarawan sa sanlibutan ng Tagbanua na ang pook ng *basad* ay isang patuloy na buhay ng mga yumao mula sa kabilang daigdig, ang mga Bagobo ay gayundin ang pagsasalarawan sa *Gimokudan*. Kapag gabi sa lupa ay siyang pagsikat naman ng araw rito at ang mga ani tulad ng tubo, kamote, mais at palay ay higit pang mabilog, malaki, at maputi.

Nakuha pa mula sa epiko ng *Uligengen* ng Manobo sa Davao ang diwa ng sanlibutan.[53] Ayon sa kanila, ang daigdig ay nagtataglay ng tatlong sapin na tinatawag na langit, lupa at *maybollan* o *ilungsod*. Sa una nakatira ang mga *busaw*, mga espiritung nagdudulot ng karamdaman at kamalasan

---

[51] Si Mebuyan ay ang kapatid ni Lumabat sa mito ng Bagobo. Siya ay tumangging sumama kay Lumabat bagkus ay pumunta sa ilalim ng lupa sakay ng almeres upang doon ay pasusuin ang mga patay na sanggol.
[52] ________. Kasaysayang Bayan. National Historical Institute. 2001. p. 78
[53] Nabayra, Emmanuel Jr., SVD. "Manobo Cosmology " Philippine Social Science and Humanities Review. March 1964. Pp. 38-39

sa mga tao. Sa epiko ring ito, itinuturing nila ang Kanlurang Bukidnon na pusod ng mundo o sentro ng lupa, ang bundok *Keretungan* o *kalatungan*. Ito ang lugar kung saan kinukuha sila ng Diyos at dinadala sa langit.

Ang lupa o *pasak* ay kilala rin bilang *salladan*, *mandalluman*, o *banwa* ng mga Manobo. Samantalang sa ikatlong bahagi, ang *maybollan* o *llungsod*, naman matatagpuan ang mga espiritu ng mga namatay.

Samantala ang isang mito na di maikakailang alam ng karamihan, ang mito ng Bikol sa paglikha ng mga tao, na si *Malakas* at *Maganda*, ay nasasalamin rin ang pagbuo ng sandaigdigan. Dahil nga sa ang ang langit at dagat lamang ang naroroon, may isang ibong namagitan dahil sa pagod na lumipad-lipad ay pinag-away niya ang dalawa. Dahil sa pag-aaway na ito, nabuo ang lupa na siyang tinubuan ng kawayan at nagbigay-daan upang ang tao ay malikha.

# KABANATA 4

# Ang Sanlibutan ng Tagbanua

## Ayon sa Pag-aaral at mga Sulating Nababasa

Nagkaroon ang mananaliksik ng munting kalituhan sa katauhan ng *salakap*. Maaaring ang pinagmulan nito ay bilang diwata at sa ilang mga pangyayari o kadahilanan, sila ay naging mga nilalang na kinatatakutan ng mga Tagbanua. Naging bunga sila ng isang sumpa.

Bilang pagbibigay-linaw, narito ang ilang mga mitong nauukol sa pinagmulan ng *salakap*.

Sa unang mito ng *salakap* (MS1), nilarawan ang *salakap* at Tagbanua bilang malapit na magkaibigan na makikitang laging magkasama.

1. Ang Tagbanua at *salakap*, ay nakitang masayang nangingisda.
2. Napagkasunduan nila na bumuo ng dalawang grupo.
3. Isa ang *salakap* at ang isa pang grupo ay ang Tagbanua.
4. Kung sino man sa dalawang grupo ang mauna sa baybayin, mag-iiwan ito ng bakas bilang palatandaan o gabay sa daan.
5. Ang *kem-uy*, isang uri ng preparasyon ng kanin na nababalutan ng dahon ng *alimityukan*.
6. Ito ginagamit na palatandaan mayroon nang nauna sa baybayin.
7. Sa pagkakataong ito, nauna ang mga Tagbanua.
8. Ngunit isang malaking kalokohan ang naisip na gawin ng Tagbanua.

9. Hindi ang *kem-uy* ang kanilang iniwan bilang palatandaan na sila ang nauna.

10. Ibinalot nila sa dahon ang kanilang dumi.

11. Nagtatawanang lumisan patungo sa baybayin.

12. Dumating na nga ang mga *salakap*.

13. Nakita nila ang *patudu* o ang palatandaan.

14. Inakala nila itong *kem-uy*.

15. Nang kinuha nila, kanilang nasambit na anong bango ng *kem-uy*.

16. Ngunit nang kanilang makita, napatunayang hindi nga *kem-uy*.

17. Ngunit dala na ng matinding gutom, kinain pa rin nila ito.

18. Nagustuhan nila ang lasa ng dumi ng Tagbanua.

19. Naisip nila na marahil ang mismong laman ng mga ito ay mas higit pang masarap.

20. Dumating ang mga *salakap* sa baybayin.

21. Nagulat ang mga Tagbanua nang sila'y hinabol ng mga *salakap* at kinain.

22. Sinabi nila sa isang babae at isang lalaki na naiwang ligtas na sila'y pupunta ng *kiyabusan*.

23. Ipinagbilin nilang dapat na magsagawa ng pagdiriwang ang mga ito ng *runsay*.

24. Bawat taon itong gaganapin bilang pag-aalala sa kanila.

25. Sa pangalawang gabi pagkatapos ng kabilugan ng buwan ng buwan ng Disyembre dapat nila itong isagawa.

26. Sa pagkakataong malimutang gawin ito ng Tagbanua, isinumpa ng *salakap* na sila'y babalik at uubusin nila ang mga Tagbanua.

27. Pagkatapos nito'y lumisan na ang mga salakep sakay ang malaking bangka, ang *adiyung*.

28. At sa tuwing may magkakasakit nga'y nagsimula nang magdiwang ang mga Tagbanua ng *runsay*.

Sa mga susunod pang pahina, matutunghayan ang isa mito pa ng *salakap* na maiuugnay sa pagdiriwang ng ritwal ng *runsay*. Sa pagkakataong ito, may dalawa pang mito ng pinagmulan ng *salakap* (MS2). Dito'y matatagpuan ang isang ritwal na nagbibigay proteksyon sa mga Tagbanua laban sa mga *salakap*.

1. Noong unang panahon, isang miyembro ng namumunong *ginu'u,* isang pinuno ng angkan, ang pumanaw.
2. Inatasan nito ang dalawang alipin na bantayan ang bangkay sa isang maliit na bahay.
3. Ito ay tinatawag na *kumbu,* na malapit lang rin sa tinitirhan ng *ginu'u*.
4. Mahigpit ang biling wag iiwanan ang *kumbu* kundi ay papatayin nito ang unang umalis.
5. Walang anumang makakain o maiinom na iniwan sa dalawang alipin.
6. Nang sumapit ang ikatlong araw ay di na nakayanan ng mga ito ang matinding gutom.
7. Nakita nila ang biglang pag-agos ng *sagu,* isang likido, mula sa bangkay na umaagos sa ilalim ng kumbu.
8. Di na nakatiis ininom ng mga alipin ang *sagu*.
9. Sa sumunod pang dalawang araw ay nabubuhay ang dalawang alipin sa pamamagitan ng *sagu*.
10. Sa ikaanim na araw ay di na natiis ng dalawa.
11. Nangahas nang pasukin ang *kumbu*.
12. Maging ang laman ng bangkay ay kanila na ring kinain.
13. Dahil sa pangyayaring ito, naramdaman na ng dalawa na sila'y hindi na ordinaryong tao kundi mga *salakap*.
14. Naghahangad na silang muling gawin ang pagkain ng laman.

15. Kapwa nilang napagkasunduan na sila'y lumisan patungong *kiyabusan*.
16. Bawat taon, makikita silang muli upang kumain ng Tagbanua.[54]

Sa mga naunang mito, makikita ang pagkakatulad sa paglalarawan sa mga salakap bilang mga nilalang na inaapi (MS1 Bilang 10 at MS2 Bilang 5). Parehong may kaugnayan sa pagkain ang pagdaramot sa kanila ng Tagbanua at ng ginu'u. Naniniwala ang mananaliksik na isa ito sa mga dahilan kung bakit ang mga pangunahing pagkain tulad ng kem-uy at tabad ang inaalay sa kanila dahil nga sa pagdadamot sa kanila sa mga ito.

Samantala, nilalarawan din ng parehong mga tultol ang pagdedesisyon ng mga salakap na pumunta na ng kiyabusan pagkatapos nilang maging carnivorous (MS1 Bilang 22 at MS2 Bilang 15). Samakatwid, ang bahagi ng sanlangitan na tinatawag na kiyabusan ay sadyang nalalaan para sa mga katulad nilang nilalang. Bilang ganti nila sa mga Tagbanua, dito nila dinadala ang mga kaluluwa nito sakay ng kanilang bangka na adiyung.

Kaugnay rito, ayon sa isang kuwento ng isang Tagbanua na ituring na natin bilang mito ng *salakap* bilang 4 (MS4).

1. May isang taong nanaginip ng dalawang *salakap*.

---

[54] Fox, Robert B. Religion and Society Among the Tagbanua of Palawan Island, Philippines. University of Chicago. Illinois, USA. August 1954. P. 209

2. Ibinilin umano sa kanya ng mga ito na maghanda ng matatamis na pagkain o bigas, paminta, isang itlog, luya, at isang malinis na bigas.

3. Ito ay upang hindi na sila kakain ng laman ng tao.

4. Hanggang sa may isang tao na tumulong sa paghahanda ng mga bilin para sa pag-aalay sa mga *salakap*.

5. Dito nagsimula ang pagdiriwang ng ritwal na runsay.

Ang MS3 ay tumutukoy rin sa mga kakaibang kakanin na dapat ialay sa mga salakap. Nasasalamin mula rito na ang mga ganitong alay nga ang madaling magpakalma ng mga diwata, partikular na ang mga salakap. Ipinapakita sa MS3 Bilang 3 na ang mga alay na ito ay may kasamang kahilingan na hindi na dapat kumain pa ng kaluluwa ng Tagbanua ang mga salakap.

Ang huling mito ng salakap (MS4) ay naitala ni Fox. Malaki ang pagkakaiba nito sa unang dalawang tultol na nabanggit. Ito ay ibinahagi sa kanya ng isang kabigaan, si Rimson.

1. Nang bumaba ang *salakap* sa lupa ay nagkasakit ang mga Tagbanua ng bulutong.

2. Ang lolo niyang nagngangalang Banda ay nagnanais na tumakas.

3. Pumasok ito sa kagubatan upang takasan ang maaaring mangyari sa kanya.

4. Sa unang gabi niya rito, siya'y nanaginip ng isang nilalang na tumutuligsa sa kanyang pagtakas.

5. Matigas man ang pagtanggi niya rito'y hindi ito naniwala.

6. Pinayuhan siya nitong bumalik sa kaniyang bahay kung ayaw nitong magkasakit.

7. Magkita raw sila sa bunganga ng ilog ng *Bingunang* kinabukasan ng umaga.

8. Sa pook na tinatawag na *Ibatu* ay magkakaroon sila ng kapatirang sanduguan.

9. Kinaumagahan, pumunta nga sa pook na nabanggit gaya ng nasa panaginip.

10. Ang nilalang pala sa panaginip ni Banda ay si Puku na isang diwata.

11. Isa itong malaking nilalang.

12. Ang puwet nito'y nag-iwan ng bakas na tila nasusukat na pitong nakalapat na kamay.

13. Dito nga'y isinagawa nila ang sanduguan.

14. Dagdag pa ng diwata sa matanda, kung ayaw nitong magkasakit ang pamilya nito'y magsagawa sila ng seremonya na tinatawag na *buy-is*.

15. Bawat taon itong gaganapin.

16. Tatawagin nila ang presensya ni Puku.

17. Inilahad pa ni Puku ang pamamaraan kung paano gawin ang buy-is.[55]


Sa ikatlo at ikaapant na mito, makikita ang kahalagahan ng isang panaginip para sa mga Tagbanua. Naniniwala sila na ito ay isang paraan ng pagpapaalala sa kanila ng kanilang mga diwata sa anumang pagkukulang o pagkalimot nila sa mga ito (MS3 Bilang 1 at MS4 Bilang 4).

Sa apat na mito o *tultol* na nailahad, may iba't ibang variations pa rin ang makikita. Unang-una, sa MS1 talata bilang 23, hinihingi ng mga *salakap* bilang kabayaran sa kasalanan ng Tagbanua sa kanila ay ang pagdiriwang ng *runsay*. Samantala, sa MS2, wala naming hinihingi ang mga

[55] Ibid.

alipin na naging *salakap* ng paggaganap ng *runsay* ngunit alinsunod sa aspetong ito, minabuti na ng mga Tagbanua na gawin itong basehan sa pagsisimula ng *runsay* sapagkat may pangangailangan silang nakikita upang ma-appease ang mga *salakap* at ito ay sa pamamagitan ng paghahandog nila ng mga kakaning alam nilang maiibigan ng mga ito. Para sa mamanaliksik sa MS2, ang mga *salakap* ay dating alipin at ang pagkakaroon ng pagkakataon na mahandugan ang mga ito ng alay, maliligayahan ang mga salakap at pipiliing hindi na babalik sa kalupaan para lamang kumain ng laman. Sa MS3 Blg. 5, ang ritwal rin ng *runsay* ang siyang hinihiling ng mga ito.

Samantala, sa ikaapat na *tultol* na naitala ni Fox, nakikita ng mananaliksik ang presensya ng ilog na tinitirhan ng isang diwata, si Puku (MS4 Blg. 7). Ang ilog na siyang bahagi ng kapaligiran ng mga Tagbanua ay tiyak na may manipestasyon sa kanilang kamalayan sa sandaigdigan. Ang ilog ay gagamitin ng mananaliksik sa paghahati-hati sa istruktura ng sandaigdigan ng mga Tagbanua na matutunghayan sa susunod pang mga pahina.



Ilustrasyon Bilang 1. Ang Sandaigdigan ng mga Tagbanua Ayon Kay Robert B. Fox[56]

[56] Fox, Robert B. Filipino Heritage: The Making of a Nation. Vol. 2. CCP, Manila.

**Ang Sandaigdigan ng mga Tagbanua**

Bilang isa sa mga layunin na mapatunayan ang pananaw ni Robert Fox sa sandaigdigan ng mga Tagbanua, sinikap ng mananaliksik na matipon ang iba't ibang pananaw at deskripsyon nito sa sandaigdigan ng mga Tagbanua.

Ang pagsasalarawan ng Tagbanua sa sanlibutan ay likas na may payak na direksyon at may mga tiyak rehiyon. Ang mga hindi ordinaryong mga nilalang tulad ng mga diwata at kaluluwa ng mga yumao ay nananahan sa paligid lamang ng mga Tagbanua.

<u>ANG KALANGITAN</u>: ***Langit*** ang tawag ng mga Tagbanua sa malawak na espasyong bumabalot sa malaking bahagi ng kawalan. Sa harap nito'y may espasyong hindi alam ng Tagbanua kung ano ang naroroon. Matatagpuan sa bahaging ito si *Tungkuyanin* na nanatiling nakayuko at nananatiling nakatingin sa kalupaan. Pinaniniwalaan ng Tagbanua na kung malingat kahit sandali si *Tungkuyanin* sa pagtitingala, siya ay mahuhulog sa kawalan.[57]

Sa loob ng langit ay may espasyong nahahalintulad sa isang hagdan ng bahay na bai-baitang. Ang pitong bahagi nito na tila baitang ng hagdan ay tinatawag na *seven heavens*.[58] May isang parte sa rehiyong ito na sinasabi ng

---

[57] Fox, Robert B. <u>Religion and Society Among the Tagbanua of Palawan.</u> University of Chicago. August 1954. P. 224

[58] Ibid.

ilang Tagbanua na maraming diwata ang naninirahan dito. Si *Magreked* ang madalas na binabanggit sa lahat. Matatagpuan si *Magreked* sa eksaktong oras ng katanghalian, sa kabilang bahagi ng araw. Siya ang nagkakaloob ng buhay sa pamamagitan ng init. Tinatawag ang kanyang presensya upang kanyang "kainin" ang sakit ng Tagbanua.

Samantala, ang may pinakamataas na ranggo sa lahat ng diyos na si *Manguindusa* ay nagkakaloob ulan na lumalagos sa isang bahagi ng langit. Ang ulan ang siyang pinakadakilang handog ni *Manguindusa*. Kung kaya naman, ginagawa ng mga Tagbanua ang lahat na maaaring makalubag sa kalooban ni Manguindusa kung sa tingin nila'y nagalit ito sa kanila kaya nagkakaroon ng tagtuyot o di kaya'y pagbabaha. Sa isiping ito, nilalarawan si Mangindusa hindi bilang tagapaglikha, bagkus ay tagapag-bigay ng parusa.

Ang langit ay sinusuportahan ng dalawang malalaking puno na matatagpuan sa magkabilang dulo. Ang mga katawan nito ay inilalarawan na kulay pula. Ayon sa akda ni Fox, ito ay dahil sa pinipintahan ni *Tumangkuyon*, ang pinuno ng mga *salakep*[59], sa pamamagitan ng paghuhugas at paglilinis, ang mga katawan ng puno gamit ang dugo ng mga Tagbanua na namatay sa epidemya. Ang pagkukulay pula ng langit sa

---

[59] ang *salakep* ay maliliit na nilalang na may kulot na kulot na buhok at nababalot ng bakas ng bulutong o *pangkot* ang mukha't katawan.

tuwing sisikat at lulubog ang araw ay sanhi ng paglilinis ni *Tumangkuyun*.

Ang isang puno ay matatagpuan sa silangan kung saan sumisikat ang araw. Ito ay tinatawag na *Babatan* at pinamumunuan ng diyos na si *diwata kat libatan*. Samantala, ang puno na nasa kanluran na kinalulubugan ng araw ay ang *Sidpan*.[60] Dito ay namumuno ang diwatang si *kat sidpan*. Ang sidpan ay tinatawag ring "langut" at sa ibang konteksto, ang *sidpan* at ang *langut* ay ang gitnang rehiyon.[61]

Kapwa ang dalawang diwata ay may kapangyarihan upang makontrol ang pagbuhos ng ulan.

Ang isa pang bahagi ng sanlibutan ay ang tinatawag na *dibuwat*. Ito ang bahagi ng mga ulap. Ang ibig sabihin rin ng dibuwat ay ang "kaitaasan" kung saan matatagpuan ang marami pang diwata at isang uri ng mga yumaong mga ninuno, ang *bangkay* o *bulalakaw*. Ang *bulalakaw* ay ang mga espiritung namatay sa karahasan tulad ng pagkalason o di kaya'y mga kababaihang namatay habang nagsisilang ng sanggol. Sila ay "lumilipad" at laging handang tumulong sa sinumang Tagbanua ang tatawag at humihingi ng tulong.

---

[60] Nasasaad sa disertasyong Religion and Society Among Tagbanua People ni Robert B. Fox na ang salitang *sidpan* ayon kay Emerson Browse Christie ay isang diwata ng sagradong pook kung saan lumulubog ang araw ng mga Subanon.

[61] Fox, Robert B. Religion and Society Among the Tagbanua of Palawan. University of Chicago. August 1954. P. 216

Kasama rin ng *bangkay* ang *biyangunan*, mga espiritu ng tang namatay sa dahas tulad ng taga ng bolo at ang mga katawan at mukha nito'y nababalutan ng apoy. [62]Sa bahaging ito rin ng sanlibutan ay naglilibot-libot si *diwata kat dibuwat* at handa ring tumulong sa kung sinumang nangangailangan ng tulong.

Ang pinakasagradong bahagi ng sanlibutan ay ang tinatawag na *awan awan*. Ito ay matatagpuan sa lugar kung saan lumulubog ang araw, sa *Sidpan*. Dito matatagpuan ang diyos na siyang may pinakamataas na katungkulan, si *Manguindusa*. Walang tradisyunal na pagpapahayag na siya ay ang Tagapaglikha ng sanlibutan, bagkus ay ang sanlibutan at sangkatauhan ay sama-samang nilikha ng mga diwata.[63] Si *Manguindusa* ay inilalarawan bilang tagapagbigay ng parusa ng krimen, mula sa salitang *dusa* na ang ibig sabihin ay "krimen."[64] Ang higit na kilalang krimen sa mundo ng mga Tagbanua ay ang *sumbang* o pagkakaroon ng relasyong sekswal ng magkakamag-anak, magpipinsan o mag-aama at mag-iina. Hindi ang mga partikular na nagkakasala ng *sumbang* ang pinapatawan ng kaparusahan ni *Manguindusa* bagkus ay ang mismong pamayanan na kinabibilangan ng mga ito.

---

[62] Ibid. P. 271

[63] _______. "Tagbanwa" CCP Encyclopedia of Philippine Art. Vol. 2. People of the Philippines Kalinga-Yakan. P. 362.

[64] Fox, Rober B. 1954. P. 222.

Si *Manguindusa* ay nananatiling nakaupo sa kanyang trono, isang duyan na nakabitin sa puno na matatagpuan sa *Sidpan*. Ang duyang ito na tinatawag na *bintayawan* o *barbarangan* ay ginagamit bilang mekanismo o gamit sa ritwal ng mga Tagbanua kung saan ang babaylan ang siyang nagseseremonya sa ritwal na *Pagdiwata*.

Ang *awan-awan* ay napapagitnaan ng langit at lupa. Kasama dito ni *Manguindusa* ang kanyang kabiyak na si *Bugawasin*, ang kanyang mga tagapag-hatid balita na may matataas ring katungkulan bilang diyos na tinatawag na *dibuwatanin*. Si *Manguindusa* ay hindi kailanman umaalis sa kanyang trono. Ang *dibuwatanin* ang siyang tumatanggap ng mga mensaheng nalalaan para kay *Manguindusa* sapagkat ang mga diwatang may mababang posisyon ay hindi maaaring umakyat sa *awan-awan*.

Dahil sa ang *Sidpan* ay siyang kinaroroonan ng *awan-awan*, kung saan lumulubog ang araw, ito ay tinuturing ng mga Tagbanua bilang sagradong lugar sa sanlibutan.

Sa pook na kung saan ang malakas na hilagang hangin ay nagmumula matatagpuan ang diwatang si *kat timba'an* at ilan pang mga diwatang pinamumunuan nito. Tinatawag niya ang hangin at ulap upang lumayo. Kaugnay nito, ang tuyo at mahanging panahon ay mahalaga sa ritwal ng pagbabago ng pag-aararo ng lupa sa panahon ng tag-ulan.

Samantala, ang bahagi ng sanlibutan na kung saan walang anumang presensya ng hangin ay ang tinatawag na *kinayabusan*. Mula sa salitang *kabus* na ang ibig sabihin ay "kapos o kulang." Sa ibang konteksto, ang *kinayabusan* ay itinuturing bilang "katapusan ng mundo." Sapagkat dito matatagpuan ang hanging tinatawag na *amyan*. Ang hanging ito ay hanging hilagang-silangan, isang mainit at tuyong hangin na maaaring gamitin ng Tagbanua sa pagsusunog ng mga pinagtabasan sa gubat. Si *diwata kat amyan* ay tinatawag sa mga seremonya ng ritwal upang kanyang itaboy ang ulan at nangangailangan ng hanging *amyan*. Ang *kiyabusan* ay "kaharian" ng mga yumaong namatay sa epidemya. At dito rin nananahan ang mga kinatatakutan ng mga Tagbanua, ang *salakap*.

Dinadala ang *salakap* at ang espiritu ng mga yumaong Tagbanua ng hanging *amyan*. Ang *salakap* ay matatagpuang nakasakay sa isang bangka na may katig na tinatawag na *adiyung*. At ito ay naglalakbay sa *amyan* o hilagang-silangan na hangin. Dinadala ng mga ito sa *kinayabusan* ang mga taong namatay sa *panglubaw* o ang tinatawag na bulutong, *tai-tai* o disinteriya, *tarangkaso* at matinding pag-uubo at lagnat. Ang *adiyung* ay madalas makita ng mga Tagbanua sa kanilang panaginip na puno ng espiritu ng kanilang mga yumaong kamag-anak.

Ayon sa mga Tagbanua, ang *salakap* ay nagtanim ng isang mapanganib na puno na hindi matatagpuan sa mundo ng mga tao. Ito ay tinatawag na *daunu* at itinanim habang may hanging *amyan* at kung sinumang Tagbanua ang makaamoy ng halimuyak ng bulaklak na ito ay magkakasakit ng malubha.

Ang *salakap* ay nauugnay sa mga diwata. At tulad ng nabanggit sa unang bahagi ng pag-aaral, si *Tumangkuyun* ang siyang namumuno at nagpipinta ng kulay pula sa katawan ng dalawang puno na sumusuporta sa langit. Samantala, si *Tandayag* naman ang siyang ipinadala ni *Manguindusa* upang mamuhay kasama ang mga *salakap* upang pigilan ito sa paglalayag. Datapuwa't may pagkakataon tulad ng panahon ng *amyan* na hindi maaaring makontrol ang mga *salakap*, sapagkat mayroong unawaan sa pagitan nila at ni *Manguindusa* na kapag sa panahon ng *amyan*, pinapayagan ni Manguindusa na maglakbay ang *salakap*. At ito ay sa buwan ng mga Nobyembre hanggang Enero.

Ang isa pang *salakap* ay si *Sumurutun*. Siya ang kapitan ng *adiyung* at siyang nagdadala sa mga yumao sa *kiyabusan*. Ang mga pag-aalay na ginaganap ay hinahandog para sa kanya at sa tatlo pa niyang tenyente na nagngangalang *Tuwangding*, *Tuwan Pagbuysan*, *at Tuwan Pagraskadan*. Hinihikayat nila ang mga *salakap* na itigil na ang "pangangain" ng mga kaluluwa ng Tagbanua.

Itinuturing naman bilang mandirigma at nakikipaglaban sa *salakap* si *Lumalayag*. Sila ay nakasakay sa mga pagong kapag sila'y nakikipagdigmaan sa mga *salakap*.[65]

May paniniwala ang Tagbanua na ang isang tao ay nagtataglay ng anim na kaluluwa. Ang isa at totoong espiritu nito ay nagmula mula sa sinapupunan pa lamang ng ina sapagkat ipinagkaloob na ito ni *Manguindusa*. Ito ay tinatawag na *kiyarulwa*. At ang lima pang espiritu ay tinatawag na *payu*. Natataglay lamang ito ng isang sanggol na may isa o dalawang buwang katandaan at ipinagkakaloob habang may seremonya ng *Lambay*. Ang *payu* ay matatagpuan sa kadulu-duluhan ng mga daliri ng kamay at paa, at sa anit ng ulo. Kapansin-pansin na ang *payu* ay natataglay ng sanggol kapag siya' y nagsisimula ng gumapang at kumilos.

Kapag sumakabilangbuhay na ang isang tao, ang *kiyarulwa* nito ay maaaring mapunta sa isa sa apat na patutunguhan. Tulad ng nabanggit, kapag ang epidemya ang sanhi na pagkamatay ay sa *kiyabusan* ito hahantong, dala ng *salakep*. Samantala, sa *dibuwat* o sa "mataas na rehiyon" naman mapupunta ang mga *bangkay* o yaong mga taong namatay sa karahasan. Ang mga espiritu ng Tagbanua na kinain ng masasamang espiritu na kilala sa katawagang *damdam* at ang espiritung naninirahan sa kapaligiran o *panyaen*, ay sa

[65] Fox, Robert B. 1954. P. 276.

paligid-ligid nananahan. Ang karamdamang dulot ng *panyaen* at *sabu* na ikinamatay ng Tagbanua at ang mga espiritu nila ay nagiging *biyaladbad*.

**ANG KALUPAAN:** Ang ikalawang bahagi ng sanlibutan ng Tagbanua ay ang kalupaan. Dito naman matatagpuan ang mga nabubuhay na mga Tagbanua. Gayunpaman, sa kalupaan ay may iba't ibang nilalang rin maliban sa mga tao. Ang mga kaluluwa ng mga yumao na nagtatagal ng pitong araw pagkatapos nilang pumanaw. Ang isang uri naman ng kaluluwa ng Tagbanua, ang *payu* ay dito mapupunta sa kalupaan sa pormang *ramu-ramu* o mga insektong hindi kumakain ng palay. May mga diwata rin na nananahan sa kapaligiran. Sila ang mga *panyaan* na partikular na matatagpuan sa mga kagubatan. Sila ay maaaring makatulong sa pananim ngunit maaari ring magalit at magbigay ng sakit sa Tagbanua na tinatawag na *sabu*. Kasama ng mga *panyaan* ang mga masasamang espiritu na tinatawag na *damdam*. Nasa kapaligiran lang rin matatagpuan ang mga Tagbanuang namatay sa sabu, ang mga *biyaladbad*.

**ANG KAILALIMAN:** Sa *basad* mapupunta ang mga Tagbanuang pumanaw sa normal na kamatayan. Ang *basad* ay siyang tinatawag na mundo sa kailaliman. Ang *kiyarulwa* sa pagkakataong ito ay mananatili sa mundo ng mga patay at habang ang *payu* naman ay sa paligi-ligid lamang sa kalupaan maiiwan. Gayunpaman, ang *kiyarulwa* ay maaaring pumunta sa

mundo ng mga buhay sapagkat sila ay tinatatawag sa seremonya ng ilang ritwal na nauukol sa kulto ng mga patay.

Kapag namatay ang Tagbanua, ang kaluluwa nito ay mananatili pa rin sa mundo ng mga buhay sa loob ng pitong araw hanggang sa ang paglalamay na tinatawag bilang *kapupusan*, ang ritwal para sa mga patay, ay matapos. Sa loob ng mga araw na ito, ang kaluluwa ay naglilibot-libot sa kinahihimlayan ng kanyang katawan, datapuwa't pagsapit ng gabi, sila ay bumabalik sa tahanan ng kanilang pamilya upang mamalas ang mga gawain ng mga naiwang kamag-anak. Bago pa man humantong sa *basad* ang espiritu ng yumao, ito ay mayroon munang paglalakbay sa iba't ibang pook at nakakatagpo ng kung sinu-sinong nilalang.

Ang mga kaluluwang ito ay dumadaan sa sagradong ilog na tinatawag na *kalabegang*. At dito ay makikilala ng mga espiritung ito si *Taliyaked* na siyang bantay ng tulay ng baging na tinatawag na *balugu*. Inaalam muna ni *Taliyaked* sa mga espiritu kung sila ay kumain ng tubo (sugarcane), na siyang hindi naman ginagawa ng mga Tagbanua. Kapag ang sagot ng espiritu ay pagsang-ayon, muli na namang itatanong kung kinain ba nila ang matabang bahagi ng tubo. Kapag ang sagot sa katanungang ito ay hindi, mapapatawan ng parusa ang espiritu at ito ay ang pagkauhaw at hindi kailanman makakakuha ng maiinom. Dagdag parusa pa rito, ang mga

kaluluwang ito ay ilalagay sa napakataas na puno at mula rito ay ihuhulog sila sa matinik na halamanan. Ang lisa o *tuma* ng mga espiritung ito na matatagpuan sa baywang ng buhay pang katawan ng kaluluwa at siyang tunay na saksi sa mga ginagawa ng kanyang panginoon ay siyang huling tatanungin. Itatanong rito kung ilang asawa na mayroon ang kanyang amo. Bilang kasagutan, dapat ay eksakto na pito, kung hindi, ay paulit-ulit na ilulugmok sa sagradong ilog ang kaluluwa.

Sa pagpapatuloy ng paglalakbay ng kaluluwa, matatagpuan naman si *Anggugru*, ang tagapamahala ng apoy. Sila ay binibigyang pugay at mainit na pagtanggap sa basad ni *Anggugru* sa pamamagitan ng pagkakaloob ng apoy.[66] Sa pagkakataon na tanggihan o mawala ng kaluluwa ang apoy sa ito ay hahabulin sila ni *Anggugru* ng matalas na kawayan.

Ang mga kaluluwa na napupunta sa basad ay tinatawag na *Tiladmanin* na patuloy na mabubuhay tulad ng mga tao sa mundo ng mga buhay. Sila rin ay nagsasaka at nagkakaroon ng pamilya at muli silang mamatay hanggang pitong beses. Sa unang anim na kamatayan ay ang kapwa nila mga yumaong kamag-anak ang maglilibing sa kanila. Sa ikapitong kamatayan, ang mga kaluluwang ito ay magiging *ramu-ramu* o mga maliliit insekto na hindi kumakain ng bigas o anumang

---

[66] Tiongson, Nicanor. Tuklas Sining: Essays on the Philippine Arts. CCP: Mla. 1991. P. 63

halaman na kulay berde tulad ng langaw, tutubi, "dung beetles". Ito ay mga uri ng hayop na hindi nakakapaminsala ng tao.

Samantala, ang kamatayan ng babaylan, na siyang tagapag-ugnay ng mga Tagbanua sa mga yumaong kamag-anak o di kaya ay sa mismong mga diwata, ay naaayon lamang sa kalooban ng diyos o diwata. Isang malinaw na paliwanag rito ay kung ang babaylan ay naabala habang ginagawa ang ritwal o hindi maayos ang pagtawag niya sa mga diwata, ito ay magdudulot sa kanya ng kamatayan.

Sa mga nabanggit, mapapansing ang pagsasalarawan ng *basad* ay malinaw at nasa ayos, dahilan upang ito'y lubos na maunawaan.[67] Samakatwid, malinaw rin na kung anuman ang nangyayari sa mundo ng mga buhay ay siyang kabaliktarang nangyayari sa mga yumaong kaluluwa sa basad. Ito ay nagpapatunay ng buhay pagkatapos ng kamatayan, ang pagpapatuloy ng buhay at ng mga nakasanayang gawain ng Tagbanua.

67 ______. CCP Encyclopedia of Philippine Arts. P. 356-369.

**Ayon sa Sariling Pag-aaral ng Mananaliksik sa mga Tultol at mga Ritwal ng Tagbanua**

Sa sariling pag-aaral ng mananaliksik ay sisikapin niyang makalap kung ano nga ba ang tunay na bumubuo sa diwa ng mga Tagbanua sa sanlibutan.

Sa mga susunod na pahina ay matutunghayan ang mga *tultol* ng mga pook na pokus ng pag-aaral ng mananaliksik upang gamitin sa pagbubuo o pagsasalarawan sa konsepto ng sanlibutan ng mga Tagbanua.

1. Ang bayan ng Aborlan ay dating tahanan ng mga diyosa.
2. Ang mga diyosang ito ay sina *Palaysgen*[69], *Ilu-ilu*, at *Tubud*.
3. *Abelnan* ang tawag sa bayang ito.
4. Sapagkat may isang punong mahiwaga at maalamat na nakatanim rito na *Abel* ang katawagan.
5. Ang punong *Abel* ay pagmamay-ari ng isa sa mga diwata.
6. Ang mga kasuotan ng mga sinaunang Tagbanua ay mula sa punong ito.
7. Dumating ang mga Kastila upang sakupin ang Pilipinas.
8. Ang bayan ng Aborlan ay hindi nakaligtas sa panghihimasok ng mga ito.
9. Pinalitan ang pangalan ng bayan ng "Aborlan."[70]
10. Pagkatapos ng mahabang panahon ng pananakop ng mga Kastila, ang mga Amerikano naman ang dumating upang manakop.
11. Muli, ang pangalan ng lugar ay pinalitan bilang

---

[69] Sa ibang konteksto, ang pangalang Palaysgen ay nasusulat bilang Palaisgen at ito ay isang epiko ng Tagbanua at itinuturing nila itong bayani.

[70] Naisip ng mananaliksik na ang salitang "Aborlan" ay maaaring sa salitang "aborigenes" nagmula na ang ibig sabihin ay lugar ito ng mga unang tao o katutubo.

"Aborland."

12. Ito ay sa kadahilang marami umanong babay-damo ang naninirahan sa pook na ito.

13. Sa paglipas ng panahon, pinili ng mga tao na paiksiin ang pangalan ng kanilang bayan.

13. Muli, ito'y tinaguriang "Aborlan" hanggang sa kasalukuyan.

Sa akda ni Fox (Religion and Society Among the Tagbanua, 1954), malinaw na sinabi na ang diwatang si *ilu-ilu* ang siyang nagtanimng isang mahiwagang puno ng kawayan sa bunganga ng ilog ng Aborlan . Mahigpit niyang ipinagbabawal ang pagputol ng punong ito kung hindi, ang pamayanan ay magkakasala ng *sumbang* o incest. Ang dahon ng kawayang ito ay siyang ginagawang tela para sa kasuotan ng mga Tagbanua. Ang salitang *abelnan* ay nangangahulugang lugar ng tela, at ang *abel* ay tela ang ibig sabihin. Samakatwid, masasalamin rin mula sa *tultol* na ito na ang mga Tagbanua ay may kaalaman na sa paghahabi noon pa mang kapanahunan ng kaniang mga yumao.

Samantala, ang esensya ng puno sa mga *tultol* o ritwal ng Tagbanua ay muling masisilip sa *tultol* naman ng Iraan, isa sa mga baranggay ng Aborlan.

1. Ayon sa tultol, marami nang naninirahang tribu sa lugar na ito.
2. Ngunit wala pa ring ibinabansag na pangalan rito.
3. Ang lugar na ito ay may mga ilog, sapa, at malawak na kapatagan.
4. Ang pook ay nauukol sa isang pamayanang pansakahan.

5. Isang araw, may mga Tagbanuang namasyal sa bundok.
6. Sa dulo ng ilog ay nakakita sila ng isang malaking-malaking punongkahoy.
7. Ang kahoy na iyon ay tinawag nilang *Ira.*
8. Mula noon ay tinawag nang Iraan ang pook na iyon.
9. Magpaghanggang ngayon, ang pangalan pa rin ng barangay ay "Iraan."

Sa dalawang tultol na nailahad, makikitang ang presensya ng puno ay napakahalaga sa paglinang ng isang bayan. Ang puno ang siyang tumatayong gabay, ang sentro ng buhay ng mga Tagbanua sa pagpapahalagang ibinibigay nila rito. Malinaw na nasasalamin sa dalawang mito ang manipestasyon ng puno sa kanilang buhay. Ito ay tila diwatang lumitaw sa kanila upang magkaroon sila ng sariling pagkakilanlan, at magkaroon sila ng isang tahanang masasabi nilang sa kanila, kaloob sa kanila ng kanilang diwata na kinakatawan ng puno.

Mula sa mga *tultol* na nailahad, maaari nang mabuo ang paglalarawan sa sandaigdigan ng Tagbanua gamit ang structural analysis. Ang puno ay lubos na mahalaga sa kamalayan ng mga Tagbanua. Dito, maaaring paglalarawan ang tuktok ng puno hanggang sa ugat nito ang kabuuan ng sandaigdigan ng mga Tagbanua.[71]

---

[71] Gamit ang kaalamang naibahagi ni Propesor Grace P. Odal-Devora sa isa sa kanyang mga lectures tungkol sa kultura ng mga Austronesian.

Ang puno ay isang kabuuan ng sandaigdigan. Langit na maituturing ang tuktok nito. Ang mga sanga-sanga ng puno ay maaari nating sabihin na mga sapin o iba't ibang rehiyon ng langit.

Samantalang ang katawan nito na siyang nag-uugnay sa ugat at tuktok ng puno, ay mahahati natin sa iba't ibang bahagi. Ang unang bahagi nito na malalarawan bilang leeg na nag-uugnay sa mga sanga-sanga ay siyang kaulapan ng sandaigdigan. Sa loob pa rin nitom ay ang iba pang sapin-sapin.

Samantala, ang ilan pang bahagi ng katawan ng puno ay siyang bahagi naman ng kalupaan. Ang bahaging ito ay mayroon ding mga sapin na bumubuo at tulad ng isang katawan ng puno na siksik o walang puwang na namamagitan, ang kalupaan ay puno ng iba't ibang nilalang na hindi lamang mga tao, bagkus ay maging ito ay lugar rin ng mga diwata, anito, at mga espiritu ng yumao.

Ang ikatlong bahagi ng puno ay ang ugat. Makikita na ang ugat ay gumagapang pailalim sa lupa. Dito ay maihahambing natin ito sa kailaliman ng lupa o ilalim ng lupa. Ang ugat ay sumusuot sa kailaliman, tumatagos sa maraming lebel ng lupa. Gayundin ang ilalim ng lupa o underworld sa mundo ng mga Tagbanua. Marami rin itong rehiyon. Ang basad na siyang tawag sa ilalim ng lupa ay

hindi agad nararating ng mga kaluluwa ng Tagbanua, dadaan muna ang mga ito sa ilang bahagi ng ilalim ng lupa. Sa isang ilog na inuugnay ng isang tulay.

**Ang mga Ritwal sa Paglalarawan ng Sandaigdigan ng mga Tagbanua**

Gamit ang ritwal, nais mahukay ng mananaliksik ang tagong kahulugan at esensya nito sa pagbubuo ng sandaigdigan ng mga Tagbanua. Mula sa mga mito ng *salakap* na unang tinalakay sa tesis, mabubuo sa kaisipan ang mga ritwal na isinasagawa upang magsilbing proteksiyon ng Tagbanua laban sa mga *salakap*. Ang mga ritwal na ito ay *runsay* at *pagbuyis*.

Una rito ay ang *runsay*. Sa pamamagitan ng pagsasalarawan nito, makikitang kung papaano kinikilala ang mga diyos, gayundin ang kulto ng patay. Ang ganitong implikasyon ay makikita rin sa iba pang mga ritwal.

Maliban sa mga mito ng *salakap*, may ilan pang mito ang may kaugnayan sa *runsay*. Ang unang mito ay mula sa salaysay ni Masikampo Orlando Cursod ng Iraan, Aborlan, Palawan.

1. Ang bayan ng Aborlan ay laging sinasalakay ng mga dayuhan.
2. Kinukuha nila ang ilang Tagbanua upang maging alipin.
3. Muling dumating na naman ang mga dayuhang ito.
4. Sa laot pa lang ay may biglang lumitaw na malaking kawa na nagliliyab.

5. Sa gitna nito'y may isang nilalang na hindi man lang nasusunog.

6. Hindi nila matukoy kung sino ito.

7. Sa takot ng mga dayuhan ay nilisan na lamang nila ang lugar.[72]

8. Simula noon ay naglulunsad na ang mga Tagbanua ng runsay bilang papasalamat rito.

Ang paglalarawan ng isangg "kawa" kung saan sakay ang di kilalang nilalang ay siyang maaaring paglalarawan ng balsa na ginagamit sa ritwal ng runsay. Ang balsa ay isang uri ng bangka, samakatwid, ito ay maaaring maglarawan ng bahagi ng sandaigdigan bilang basad o ilalim ng lupa. Sapagkat, sa istrukturang pag-aanalisa, ang dagat na siyang dulo o ilalim ng isang bundok, ito ay patungo sa kailalim-ilaliman o sa pusod ng dagat. Mula sa kaisipang ito, masasalamin na ang balsa ay kumakatawan ng kailaliman.

Samakatwid, ang *runsay* ay isang ritwal sa pagkilala sa kapangyarihan ng diyos ng dagat.

Layunin rin ng *runsay* ang maprotektahan nga ang Tagbanua laban sa epidemya na dala ng *salakap*. Ang gamot para sa mga biktima ay hinahanda habang nagru-*runsay* at binibigay sa mga may karamdaman, lalo na sa mga bata. Dagdag pa rito, ang runsay ay isang pasasalamat rin sa mga diwata dahil sa masaganang ani.

---

[72] Ayon sa kuwento ng nakapanayam ng mananaliksik na sina Enriquito Senyal, ang sekretarya ng masikampu, at si Masikampu Orlando Cursod.

Masasabing ang *runsay* ay siyang pinakadramatikong ritwal ng mga Tagbanua. Ito ay nagaganap tuwing Disyembre ng gabi, dalawang araw pagkatapos ng *pabilugon* (kabilugan ng buwan.) Naniniwala ang mga Tagbanua na ang panahong ito ay pinakaangkop para mag-alay sa mga diwata dahil alam ng mga Tagbanua na sa liwanag ng bilog na buwan lumalabas ang mga diwata.

Sa dalampasigan o ilog na nakaharap sa silangan[73] nagaganap ang ritwal ng runsay. Ginagamit ang balsa na yari sa kawayan at sinasalinan ng kadyang na yari sa dahon ng nipa. Dito nilalagay ang ang lahat ng pagkain tulad ng *amik* (binayong bigas na niluto sa langis ng niyog) at *kem-uy* (binalot sa dahon ng *pag-alum* na may panghalo na tinatawag na *porad*), *lutlut* (kaning malagkit at gata ng niyog na ginawang suman ng mga Tagbanua na ipinasok sa murang piraso ng buho), at iba pang alay tulad ng sigep at *nganga*.

Maaga pa lang ay nagsisimula na ang *runsay* at magtatapos ng gabing-gabi na, maaaring abutin ng ika-dalawa ng madaling araw. Nahahati sa limang bahagi ang paghahanda ng runsay.

---

[73]Bagalay, Robert. "Runsay, Ritwal sa Liwanag ng Buwan." Bandillo ng Palawan. Tomo 5. Bilang 52. Disyembre 23, 2002-Enero 5, 2003. Pp. 6-7

Narito ang sunod-sunod na pagsasagawa ng ritwal ng *runsay*.

Ang lima nitong mga bahagi ay nilalagyan ng mga bilang nang sa ganun ay madaling matukoy ang istruktura ng ritwal.

Sa unang bahagi ay ang paghahanda ng balsa.

1. Ang paggawa ng balsa na yari sa buho para sa seremonya na tinatawag na *bangkaran*.
2. Mayroon itong tatlong metro haba at isang metro na lapad.
3. Ang *bangkaran* ay may makukulay na layag.
4. Pagkatapos maihanda ang balsa, nilalagay rito ang palayok na naglalaman ng *liyutlut*, *panalam*, *kem-uy*, at *tabad*.

Samantala, ang pangalawang bahagi ay ang seremonya ng pagtatawag ng mga mga espiritu ng yumao o *panawag*.

1. Dito tinatawag ang mga espiritu ng mga yumao.
2. Nilalagay ng *Manig-runsay* ang dahon sa *areca* at ang nganga sa buhangin.
3. Kasabay ang pag-aayos ng mga alay sa ibabaw ng mga ito.
4. Pagkatapos, magsasaboy ng ilang butil ng bigas ang *Manig-runsay*.
5. Ang mga kaluluwang bago lamang namatay ang kakain ng alay na ito.[74]
6. Inaaanyayahan ng *Manig-runsay* ang kaluluwa ng mga yumao.
7. Ito ay upang tulungan siyang tawagin ang mga diwata.
8. Ang pagsasaboy rin ng bigas ay tanda ng pag-aalay sa mga diwata sa langit.
9. Sila ang magdadala ng magandang panahon para sa tagumpay ng ritwal.

[74]Ibid.

Sa bahaging ito, masasalamin ang pag-aalay rin ng runsay sa mga kaluluwa sa lupa na bago pa lang pumanaw (Bilang 6).

Sa ikatlong bahagi, nagsisimula na ang seremonya para naman sa mga diwata.

1. Sa ikatlong bahagi ng ritwal, nakaharap ang *Manig-runsay* sa balsa o *bangkaran*.
2. Kukunin ang lalagyan na may bigas.
3. Ihaharap niya ito sa direksiyon ng silangan ng langit.
4. Kasabay nito ang pag-usal ng panalangin.
5. Sisindihan niya ang kandila.
6. Magsasaboy muli ng bigas sa palayok na naglalaman ng mga alay.
7. Sa pagkakataong ito, naniniwala ang mga Tagbanua na ang siyam na diwata ay natawag na.
8. Kasama na nila sa ritwal upang magbigay lunas sa anumang epidemya.

Ang ikaapat na bahagi ay ang simula ng pagpapaanod ng balsa.

1. Ang ikaapat na bahagi ng runsay ay ang pagtawag ng Manig-runsay sa siyam na diwata.
2. Ang bawat miyembrong babae ng pamilya ay may dala-dalang basket na puno ng mga pagkaing inaalay sa ritwal.
3. Idinadagdag ito sa mga alay sa balsa.
4. Pagkatapos nito, dalawang lalake o higit pa ang magbubuhat ng balsa patungo sa dagat.
5. Mga isandaang pulgada ang layo mula sa baybayin ay sisindihan muli ng mga lalakeng ito ang kandila.
6. Magsasaboy muli ng bigas at ipapaanod na ang balsa.
7. Ang mga Tagbanua na naroroon at ilang panauhin ay nakapaligid malapit sa tubig.

8. Pinapanood ng mga ito ang pag-anod ng balsa.

Ang huli at panglimang bahagi ay ang pagsasaya ng mga Tagbanua sa paniniwalang ang mga alay ay tinanggap na ng diwata.

Ang panglima at huling bahagi ng ritwal na nagsisimula pagkatapos mapaanod sa tubig ang balsang yari sa buho.

1. Sa oras ng hatinggabi hanggang madaling araw na may konti nang liwanag mula sa araw.
2. Ito ay ang pagsisimula ng mga naroroon sa ritwal ng sayawan, kantahan at ang mabilis na pag-usal ng panalangin.
3. Dalawang pabilog na pagtitipon ang ginagawa ng mga nagsasayaw.
4. Sa loob na bilog ay ang mga kababaihan na nagsasayaw nang dahan-dahan.
5. Umiikot ng tulad ng pag-ikot ng kamay ng orasan.
6. Hawak ang balikat ng sinusundan nila.
7. Samantala, ang labas na bilog ay ang mga kalalakihan.
8. Gayundin ang oryentasyon ng kilos kanilang sayaw at magkaghawak kamay naman.
9. Mapapansin na ang ganitong pagkilos o pagsayaw ay nagsasanhi ng malakas na enerhiya.
10. Sinusundan ng sayaw ang himig ng Tagbanua na tinatawag na *turun* na may dalawang bahagi.
11. Ang una ay ang mga kalalakihan ang kumakanta na sinasagot naman ng mga kababaihan.

Sa sandaling ang balsa ay wala na sa kanilang paningin, pinaniniwalaan nila itong kinuha na ng mga

diwata. Naniniwala silang handa na silang gabayan at tulungan ng mga diwata.

Sa ritwal ng *pagbuyis* naman, ang *magbuyis* ang siyang namumuno ng ritwal. Ito ay ginagawa tatlong beses sa isang taon, sa mga buwan na may hanging *amyan*, ang Nobyembre at Disyembre, at ang ikatlo ay sa panahon na kung saan ang buwan ay nakikita, o *magkaaldawan* (mula sa salitang "aldaw" o "araw".)

Sa ritwal na ito, tinatawag ng *magbuyis* ang *salakap* at pinakikiusapang huwag kainin ang mga kaluluwa ng Tagbanua lalo na at ang mga ito ay maglalakbay sakay ng *adiyung* sa *kinayabusan*. Ang mga *salakap* ay may dala-dalang "kargo" ng bulutong, *tai-tai*, kolera, at iba pang epidemya. Ang *salakap* ay pinangungunahan ng kanilang kapitan na si *Sumurutun* at ang tatlong tenyente nito na sina *Tuwan Ding*, *Tuwan Pagbuysan*, at *Tuwan Pagraskadan*.

Sa pagsasagawa ng *pagbuyis*, naroon ang permanenteng munting entablado o plataporma na kilala sa tawag na *piyangaw*. Ito ay nakatayo sa harap ng *magbuyis*.

Ang mga inaalay sa *pagbuyis* ay ang sanga ng *katumbal* na may kasamang bunga ng siling pula, ang paboritong pagkain ng *salakap*.

Ang *pagbuyis* ay nahahati sa dalawang bahagi. Una ay ang paghahanda ng mga gagamitin sa ritwal na ginagawa sa

hapon. Ang pangalawa at huli naman ay ang sunud-sunod na paggagawa ng seremonya.

1. Ginagawa ang permanenteng plataporma para sa seremonya na tinatawag na *piyangaw*.
2. Kinakabit sa *piyangaw* ang isang poste na yari sa kawayan, ang *tarindak*.
3. Mahahabang balasbas ang ikinakabit sa taas ng *tarindak* at sa dulo ng magkabilaang krus nito.
4. Isang pula at puting bandila ang isinasabit sa magkabilaang krus sa itaas na bahagi ng poste.
5. Nakasulat sa alpabetong Tagbanua ang pangalan ni *Sumurutun*, ang kapitan ng mga *salakap*.
6. Anim pang mga maliliit na poste o *tarindak* ang itinatayo sa *piyangaw*.
7. Nakakabit sa mga *tarindak* na ito ang sanga ng katumbal.
8. May kasama itong prutas at balasbas.

Ang ikalawang bahagi ng *pagbuyis* ay ang pagsisimula ng seremonya.

1. Sa pagsapit ng bukang-liwayway, sinusuot ng *magbuyis* ang pulang tela sa kanyang ulo.
2. Nakatayo sa harap ng piyangaw, uusal ng panalangin ang *magbuyis*.
3. Ang panalanging ito ng *magbuyis* ay naririnig ngunit di naiintindihan sa bilis ng pag-usal.
4. Hawak ang pulang sili, pinapainitan niya ang loob ng mangkok.
5. Sinasaboy ng *magbuyis* ang ilang butil ng pulang bigas sa hangin.
6. Habang nagdadasal, sisindihan ng *magbuyis* ang dalawang kandila.
7. Ilalagay ang mga kandila sa magkabilang bahagi ng *tandiyak* (ang malaking poste sa plataporma).
8. Patuloy na mananalangin ang *Magbuyis*.

9. Kukunin ng _magbuyis_ ang nganga, paminta, at puting butil ng bigas at muling isasaboy sa hangin.

10. Pagkatapos ng mahabang panalangin, aalisin ng _magbuyis_ ang pulang tela sa ulo niya.

11. Hudyat ito ng pagtatapos ng seremonya.

Sa ritwal ng _pagbuyis_, nalalarawan ang pagkilala ng mga Tagbanua sa mga _salakap_ sa _kiyabusan_ na siyang ipinapakita sa pagsusulat nila ng pangalan ni _Sumurutun_ sa poste sa _piyangaw_ o _tarindak_.

Ang dalawa pang mahalagang ritwal ng Tagbanua na masasalamin ang kamalayan ng mga Tagbanua sa sanlibutan ay ang _pagdiwata_ at _bilang_.

Ang _pagdiwata_[75] na sa buwan naman ng Setyembre ginaganap, ay ang pinakamatandang ritwal sa mga Tagbanua. Ito ay isang ritwal na may kaugnayan sa isang angkan. Ito ay ginaganap bilang pagpupugay sa mga espiritu ng mga yumao na malaki ang kinalaman sa masaganang ani. Nagaganap ang ritwal na ito pagkatapos ng masaganang ani, sa huling tatlong araw ng kabilugan ng buwan.

Ginagawa rin ang _pagdiwata_ bilang paghingi nang buong kababaan kay _Manguindusa_ at sa iba pang diyos nang ikakabubuti ng mga Tagbanua.

---

[75] Ang ilan sa mga impormasyon tungkol sa pagdiwata ay nakalap mula sa panayam kina Masikampu Cursod at G. Senyal.

Ang babaylan lamang ang tanging magsagawa ng ritwal na ito at siya ay tinutulungan ng anak na babae na tinatawag na *taga-iring*. Ang iba pang naroon sa ritwal ay ang *manigsabag* na siyang sumasayaw o di kaya'y tumutugtog at kumakanta (chanting).

Nakalagay sa isang mesa na nababalutan pulang tela ang tumpok ng mga mangkok na yari sa porselana, isang tumpok ng bigas na mapuputi ang butil, luya, sibuyas, at isang mangkok ng nganga, at isa pang mangkok ng siling pula, *tabad* (alak na gawa sa bigas) at apat na maliliit at maninipis na buho. Matatagpuan rin sa mesa ang iskultura ng pagong at ng isang ibon na pinaniniwalaang siyang naghahatid sa mga diwata at mga espiritu.

Sa gitna ng silid na ginaganapan ng *pagdiwata* ay matatagpuan ang isang duyan na nakasabit. Matatandaang nailahad sa unang bahagi ng tesis na ang duyan na tinatawag na *bintayawan* o *barbarangan*. Ito ay bilang palatandaan ng trono ni *Manguindusa* sa *awan-awan*. Dito umuupo ang babaylan upang sa pamamagitan niya ay makipag-ugnayan ang tao at ang mga diwata at iba pang espiritu ng yumao.

Nababalutan ang babaylan ng katutubong kasuotan ng Tagbanua. Sa kanyang beywang ay nakapaikot ang ilang balasbas ng buri na may konting "brass." Isang malaking *kris* ang nakasukbit sa kanyang beywang. At ang kanyang ulo

ay nababalutan ng itim na tela. Mahigpit na ipinagbabawal sa mga Tagbanua ang silipin o tingnan ang mga mata ng babaylan lalo na't nasa katawan pa niya ang espiritu ng diwata o namatay na yumao. Tinatawag na *pagsulda* ang proseso na kung saan ang babaylan ay sinasapian ng mga espiritu.

Ang *taga-iring* ay sumusunod sa tabi ng babaylan at sumasayaw o umuusal ng pakantang dasal. Mahigpit na umaalalay sa kanya, lalo't higit pagkatapos umalis ng espiritu sa katawan ng babaylan at ito'y makaramdam ng sandaling panghihina.

Ang *tendeg* ay isang ritwal bilang pagsisimula ng *pagdiwata*. Ang babaylan ay umuusal ng awiting *turon* bilang pagsisimula ng *pagdiwata*. Nakaagabay sa kanya ang *taga-iring* sa pagtatawag ng mga diwata at kaluluwa ng mga yumao at samahan sila sa ritwal.

Ang kapangyarihan ng babaylan ay nagmumula sa mabubuting mga diwata tulad nina *Panguwaan*, *Magdegoy* at *Nebken*; sa mga kaluluwa ng mga namatay; at maging sa masasamang espiritu tulad ng mga *panyaan* at *saransanen*.

Ang ritwal ng *Pagdiwata* ay may tatlong bahagi at ginagawa sa loob ng sunud-sunod na tatlong gabi.

Ang unang bahagi ay ang *luma*. Ito ay isang simpleng seremonya lamang.

1. Bumababa sa bahay ang babaylan.
2. Hinahanda ang mga alay sa isang altar.
3. Muling aakyat pabalik ng bahay.
4. Siya'y umuusal ng pakantang panalangin.
5. Nagsisimula na ang babaylan na manggamot ng karamdaman.
6. Higit sa lahat, sa mga bata.
7. Habang nagsasayaw ang babaylan, ang ulo niya nababalutan ng itim na tela.

Ang pangalawang bahagi ng ritwal ng *pagdiwata* ay ang *tendeg*.

1. Baba muli ang babaylan.
2. Uusal ng panalangin sa munting altar.
3. Dagdagan ang alay tulad ng mga bigas, *tado* (isang uri ng mangkok), kandila at mga dahon na nakapatong sa isang banig.
4. Sasayaw ang babaylan na hawak-hawak ang *balasbas* at ang *tado* sa ibabaw ng kanyang ulo.
5. Pagkatapos ay ang *karis* naman ang inilalagay niya sa ulo.
6. Sa pagkakataon na siya ay umupo, ibig sabihin ang espiritu ng diwata ay nasa loob na ng kanyang katawan.
7. Malalamang sinapian na siya ng espiritu kung ang katawan at mga kamay niya'y nagsisimula nang manginig.
8. Pagkatapos niyang sumayaw, binibigyan na siya ng sigarilyo, at *mama*.
9. Ito ay palatandaan ng pasasalamat.
10. Muli, gagamutin niya na naman ang pasyente na nakahiga lamang sa kanyang tabi.
11. Sa oras na aalis na ang diwata sa kanyang katawan, ang *taga-iring* ay aalalay agad sa kanya upang hindi siya bumagsak sa sahig.
12. Agad inaalis ng *taga-iring* ang itim na tela sa ulo ng babaylan upang bumalik ang kamalayan ng babaylan.

Ang pangatlong gabi ng <u>*pagdiwata*</u> ay itinuturing na siyang simula ng ritwal. Ang isang pamilya ay naghahanda na ng mga iaaalay sa mga diwata na siyang magpapagaling sa maysakit, tulad ng bigas, sigarilyo, *liyutlut*, *amek* at *mama*.

Ilan sa mga diwata na tinatawag sa ritwal ay sina *Pagdaringan*, *Ilu-ilu*, *Banguwan*, *Nabken*, *Unanakan*, at si *Magdegoy*.[76]

Tulad rin ng unang dalawang bahagi, gayundin ang ginagawa ng babaylan sa huling bahagi na ito ng ritwal.

1. Tatakpan ng babaylan ang kanyang ulo ng itim na tela.
2. Siya ay sasayaw paikot sa *guri*, ang palayok.
3. Ang pasyente ay nakahiga sa tabi ng babaylan.
5. Itinataboy ng babaylan ang masasamang espiritu.
6. Habang nagsasayaw, tinatawag naman ng babaylan ang mga espiritung sasanib sa kanya.
7. Tanda ng pagpasok sa kanya ng espiritu ay ang panginginig ng kanyang katawan.
8. Ang mga espiritu ay pumapasok pagkatapos umalis ng isang espiritu.
9. Sasayaw nang marahas ang babaylan kapag lalaking diwata ang sumanib sa kanya.
10. Sasayaw naman ang babaylan nang maganda at mapang-akit kung babaeng diwata ang sumanib sa kanya.
11. Kapag nasa katawan na ng babaylan ang espiritung diwata, hahaplusin nito ang maysakit.
12. Tila may hawak-hawak, nakatikom ang kamay ng babaylan.

---

[76] Valdez, Sharron A., et. al. "The Selected Healing Practices of the Tagbanua and Their Relevance of P.E." Palawan State University, Palawan. March 1997. Pp. 29.

13. Isusubo ito sa kanyang bunganga tanda ng kinain na ng diwata ang sakit.

14. Sasayaw muli ang babaylan tanda ng pamamaalam sa diwata.

15. Bago umalis ang diwata sa katawan ng babaylan, bibigyan ito ng mama, sigarilyo at iinom sa guri ng tabad.

16. Aalis na ang huling diwata sa katawan ng babaylan. Mahihimatay ang babaylan.

17. Hawak-hawak siya ng taga-iring upang hindi siya bumagsak sa sahig.

Ang susunod na ritwal ay ang *bilang*. Ito ay nauukol para sa kulto ng patay sa ilalim ng lupa o sa *basad*. Nag-aalay ang mga Tagbanua ng *tabad* o alak na gawa sa bigas dahil sa wala ito sa basad.

Ang *bilang* ay ginaganap sa buwan ng Setyembre. Ito ay isang ritwal na ginagawa ng pangunahing pamilya upang mapakalma ang kanilang mga yumao.

Kadalasan, ang pagsisimula ng ritwal ng *bilang* ay nangyayari pagkatapos ng ani at marami nang natipong *tabad*, isang alak na gawa sa bigas. Mula sa salitang *bilang*, ito ay naglalarawan ng bilang ng taunang pagpapatuloy ng nasabing ritwal. Ang *tabad* ay may malaking papel sa selebrasyon na ito sapagkat ito ang ginagamit bilang pag-alay sa yumaong kamag-anak, gayundin naman para sa mga taong nasa ritwal. Ito ay dahil sa mundo ng mga yumao ay walang *tabad* na makikita kung kaya't kanilang pinanabikan ang pag-inom dito. Sa pamamagitan rin ng tabad ay malalaman kung gaano katanyag ang isang pamilya. Ito ay

malalaman kung ang isang pamilya ay maraming palayok ng *tabad* ang naipon.

Ang bilang ng ritwal ng *bilang* na ginaganap sa bawat taon ay naayon din sa aspetong pisikal na kung saan ang isa sa pamilya ay nagkaroon ng karamdaman. Sa pamamagitan ng *bilang*, ay malalaman nila kung sino ang nagbigay ng karamdaman. Sa pagkakataong ito, maaaring higit pa sa dalawa ang natatawag na kaluluwa hanggang ang sumanib sa babaylan ang yaong naging dahilan ng pagkakaroon ng karamdaman ng isang tao.

Dalawang prediksyon o divination ang nakapaloob sa ritwal ng *bilang*. Ang una ay tinatawag na panawag.

1. Ang isang kapamilya ay namatay kamakailan lamang.

2. Ang isang miyembro ng pamilya na may sakit ay inaatasang bisitahin ang puntod ng kapamilya nilang yaon.

3. Inaalay sa puntod ng namatay ang *nganga*, sandakot na bigas, sigarilyo o tabako, at *areca*.

4. Kasabay nito ay ang pagtatanong kung ito ba ang sanhi ng karamdaman ng maysakit.

6. Kapag gumaling ang maysakit, nangangahulugang ang may-ari nga ng puntod na iyon ang nagbigay ng karamdaman.

7. Kapag nanatili pa ring may karamdaman ang isang tao, ibig sabihin, kailangan pa nila muling magsagawa ng ritwal.

Ang pangalawang uri ng prediksyon ay ang tinatawag na *imaras*. Sa ritwal na ito ginagamit ang *barong* o spears. Sinasambit ng *magbilang* ang isang pangalan ng yumaong kamag-anak at tinantanong kung ito ba ang nagbigay ng

karamdaman. Kung sumang-ayon ang espiritung ito, ay saka gagawin ang ritwal ng *bilang*.

1. Ang seremonya ng *bilang* ay nagaganap sa madaling araw.

2. Ang magbilang ay kukuha ng tubig mula sa *karong* (isang uri ng palayok).

3. Inilalagay sa tabi nito ang *swuit* (isang lalagyan na itsurang tasa).

4. Sa tulong ng mga naroon sa ritwal, kukuha ang *magbilang* ng maraming dakot ng dahon ng ulam-ulam.

5. Inilalagay sa loob ng *karong* ang dahon ng *ulam-ulam.*

Ang punong *ulam-ulam* ay matatagpuan lamang sa mga abandonadong sakahan at ayon sa mga Tagbanua, ito ay itinanim ng kanilang diyos na si *Manguindusa*.

6. Ang dinurog-durog na dahon ay inilalagay sa *karong* upang maiwanang lumulutang sa tabad.

7.Ang mga dahong ito ay nagsisilbi ring suporta sa apat na buho na ginagamit sa pag-inom.

8.Kapag ang mga dahon ng *ulam-ulam* ay nailagay na sa loob ng palayok, sinasalinan ito ng purong tubig gamit ang *swuit.*

9.Dalawa sa apat na buho ay nakalaan lamang para sa mga espiritu ng mga yumao.

Ang kabiyak ng *magbilang* ang naghahanda ng mga gagamitin sa ritwal. Nilalagay nito sa isang banig ang dalawang mangkok ng *amuk* o *paniam* (minatamis na kanin) at ang bilang ng mga kakaning ito na inilalagay sa mangok ay lima o pito. Kasama rin sa mga inaalay para sa mga espiritu ay ang *tabad, kamuy* (kaning preserbado), piniritong daing, *linutlut* (maraming kanin na may asin,

gata ng niyog, na niluto sa isaang buho), *piyusu-puso* na nakabalot sa dahon ng saging o murang dahon ng niyog.

Hinahanda rin ng kabiyak ng magbilang ang ilawan upang magbigay liwanag sa ritwal.

Samantala ang isa pang ritwal na tatalakayin ay ang *lambay*. Ang pagdidiriwang dito ay naaayon sa pangangailangan ng mga Tagbanua. Ito ay isang ritwal ng isang pamayanan ng Tagbanua. Minsan ang *lambay* ay ginaganap sa nuwan ng Enero at inaalay para sa mga diwata ng kalikasan na magkakaloob ng amyan (mainit at tuyong hangin) bilang paghahanda sa sakahang tataniman. Samantalang ang pangalawang *lambay* na ginaganap sa buwan ng Mayo ay para naman sa sapat ulan na hinihingi upang magpasagana ng mga pananim.

Sa dalawang lambay ay humihingi rin ang maglambay ng kapatawaran mula kay Manguindusa sa pagkakasalang sumbang (relasyong sekswal sa pagitan ng magkakamag-anak, magkakapamilya) at darak. Naniniwala silang ang hindi pag-ulan o anumang sama ng panahon ay isang paraan ni Manguindusa upang sila ay parusahan. Ang huling dahilan ng pagla-*lambay* ay *pasasalamat.* Malugod na nagpapasalamat ang pamayanan sa kapayapaan at masaganang ani.

Ang isang simbolo na kinikilala ng Tagbanua sa ritwal ng lambay ay ang presensya ng bubuyog. Tanda ito ng tuyong

panahon. Naniniwala silang tanda ito ng isang malusog na paggawa at masaganang pag-ani ng pulot. Ang pulot ay malaki rin ang kaugnayan sa pag-unlad ng pamayanan at kinikilala rin ang halaga nito sa ritwal.

Samantala, ang mga ritwal na nalalaan para sa mga diwata sa kalupaan ay may kinalaman sa pagtatanim. Ang *sagkat* ay isang seremonya ng ritwal na ginagawa bago magsimula sa pagkakaingin. Ito ay inaalay para sa mga diwata sa kapaligiran, ang mga *panyaan.* Sila ay madalas na sanhi ng *sabu,* subalit maaari rin silang mahingian ng tulong kung ang seremonya ay katanggap-tanggap sa kanila.

1. Ang babaylan ay papasok sa gubat na kung saan siya magkakaingin.
2. Dala-dala niya ang alay niya, ang *bandi* kung saan gaganapin ang pagkakaingin sa gubat.
3. Ang regalo ay ang sumusunod: matingkad na kulay ng tela, isang gong na yari sa tanso, o isang tansong lalagyan ng *nganga, pagkit* (beeswax), "unang" bigas at sigarilyo, at kamanyang.
4. Tinatawag ng babaylan ang *panyaan.*
5. Inaalay ang mga dala-dalang regalo.
6. Hihingi ng permiso sa panyaan para magkaingin.
7. Kapag tumangi ang panyaan, ang pook na iyon ay magiging sagrado.
8. Kapag sumang-ayon, ang babaylan ay maghahanda ng *pandaag* ng ilang pinagtabasan sa *kamangyan* at *pagkit,* at ilang piraso ng tanso.
9. Paghahaluin niya ang mga ito.
10. Ang bahaging ito na pinagbaunan ng *pandaag* ay magiging espasyo para sa kaingin.
11. Matatakot na ang masasamang espiritu na lumapit.

12. Kapag sila'y lalapit, sila ay mamatay.

Ang pagbibigay permiso na ito ng mga *panyaan* ay dapat tuparin ng mga kaingero. Sa pagkakataon na ang gawaing ito ay makaligtaan, magagalit sa kanila ang mga *panyaan* at ipapakain sila sa alaga nitong halimaw, ang *damdam*.

Ang isa pang seremonya ay nauukol sa diwata sa kalupaan. Ito ay ang *magpanitabnan*, isang ritwal para sa pagtatanim. Ang mga espiritu, ang *tatabnan*, ay matatagpuan sa gitna ng bawat kaingin. Ang seremonya rito ay ginagawa ng isang pamilya at tinatawag nila ang kanilang mga yumao upang tulungan sila sa masaganang ani. Ang paraan ng pagtatawag ng mga kaluluwa ng kanilang yumao ay katulad dinsa paraan na ginagawa sa ritwal ng bilang.

Ang seremonya ay madalas na pinamumunuan ng isang magulang. Gamit ang isang mangkok na puno ng nganga, iiwan ito sa lugar kung saan si *tatabnan* matatagpuan. Ang dalawang uri ng halamang damo, arimbangun at saray, ay itatanim sa kung saan ang mga espiritung matatagpuan habang nagseseremonya.

# KABANATA 5

## Pagsusuri

Bilang pagsusuri, sisimulan ng mananaliksik ang diwa ng animismo na malinaw na masisilip mula sa mga tultol at ritwal na nailahad. Ang mga Tagbanua at maging ang ibang grupo na tinalakay na nagsasaad rin ng diwa ng sandaigdigan, ay naniniwalang lahat ng bagay sa sanlibutan o sa kapaligiran ay may buhay. Nagtataglay ito ng espiritu o di kaya'y tinitirhan ng espiritu.

Ang paglalarawan ni Robert Fox sa sandaigdigan ng mga Tagbanua ay sadyang organisado at nasa ayos. Nakasaad ang paghahati sa tatlong bahagi ng sandaigdigan, ang langit, lupa, at ang basad. Gayunpaman, sa pagitan ng mga bahaging ito ay may mga rehiyong nakapagitan na kung saan iba't ibang diwata ang matatagpuan.

Sa bawat sapin na nakapaloob ay may dalawang uri ng diwata, ang *benefic* at *malefic.* Ang mga benefic ay ang mga diwatang tumutulong sa mga Tagbanua sa pagpapagaling sa mga sakit nito o di kaya ay pagtulong sa mga Tagbanua sa pagkakaloob ng ulan. Ang ilan sa mga diwatang ito ay sina Tumungkuyun, Kat Dibuwat, Kat Sidpan, at Kat Libatan. Si Magreked naman ay sa pagkakaloob ng sapat na init na kinakailangan sa pagsasaka. Ang mga malefic ay ang

nagsasanhi ng perwisyo sa mga Tagbanua, ngunit maaari rin silang mapalubag sa pamamagitan ng mga ritwal. Ito ay ang mga *salakap* sa kiyabusan na siyang sanhi ng epidemya sa mga Tagbanua. Gayunpaman, ang presensya ng Lumalayag na nakasakay sa isang pagong ang siyang namamagitan upang ang perwisyong ito ng mga salakap ay mapigilan.

Maaaring masalamin ang presensya ng ilog at ng bundok bilang mga diwata. Sa ganitong kaisipan, masasabing ang heograpiya ay may malaking bahagi sa paghubog ng kamalayan sa sandaigdigan. Sapagkat, dahil rito ang mga Tagbanua ay nakakaroon ng kamalayan na mayroong buhay ang mga ito na siyang gumagabay sa kanila at sa kanilang pamumuhay. Ang kanilang mga ritwal ay nilalaan para sa diwata rito.

Makikita mula sa mapa ng Palawan ang lokasyon ng mga Tagbanua na napapaligiran ng katubigan, gayunmdin ang kabundukan. Ang mga Tagbanua sa kasaysayan ay naunang namuhay sa tabi ng ilog. Ang ilog na may malaking kinalaman sa paghubog ng kanilang pagkatao at paniniwala. Mula sa pag-aaral ni Propesor Grace Odal-Devora sa tatluhang pananaw sa mga mito at epiko, ginamit niya ang konsepto ng ilog upang mahugot ang malalim pang pagkakahulugan ng sandaigdigan. Minabuti ng mananaliksik na i-base ang kanyang pagsusuri sa ganitong kapaligiran ng mga Tagbanua.

Ang mga tultol ng Tagbanua ay kamalayang mula sa mga ninuno ng mga ito na nababatay sa mundong ginagalawan. Ang kanilang mundo ay may presensya ng bundok, wawa, kapatagan at kailaliman. Inilalarawan ang ilog bilang isang ahas o serpent. Ang ulo nito ay nasa tuktok ng kabundukan, na maituturing na langit. Ang gitnang bahagi ng ahas ay maituturing na kalupaan, ang nag-uugnay sa kaitaasan at sa kailaliman. Ang buntot ng ahas, na siyang wawa ng ilog ay patungo sa kailalim-ilalim o ang mundo sa ilalim ng lupa.

Samakatwid, namulat ang kamalayan ng Tagbanua sa isang sandaigdigan na may nag-uugnay, may pumapagitna upang magtagpo ang isa sa isa. Maihahambing ang ganitong kaisipan isang taong naliligaw, nawawala. Hinahanap ang "wawa" ng ilog upang mapagtagpo sa kaisipan ang kabuuan ng kanyang kinalalagyan.

Ang ganitong pamamaraan ay nagbibigay ng iisang hahantungan ng pagkakahulugan sa kabila ng malawak na pananaw ng sandaigdigan.

Samantala, malakas rin ang presensya ng puno sa mga tultol at ritwal ng mga Tagbanua. Ang puno ay ang gitna ng kosmos. Isang pusod na nag-uugnay sa mga Tagbanua at mga diwata. Isa itong haligi ng mga Tagbanua na sumusuporta sa kanilang sandaigdigan.

Tulad ng naibahagi tungkol sa mga alamat ng Aborlan at Iraan, ang papel ng puno rito ay tila isang gabay sa kanila at nagbigay as kanila ng pagkakataon na magkaroon ng tahanan. Ito ay kanilang tahanan, yumayakap at kumakalinga sa kanila tulad ng pagpapayaman sa kanila ng mga diwata. Maaari ring ang puno ay siyang pamana sa kanila ng mga diwata.

Ang puno ay tahanan ng mga espiritu. Bagamat sa kamalayan ng karamihan, ang indikasyon nito ay masama. Pinaniniwalaan nilang puno ito ng mga maligno, magandang halimbawa nito ay ang punong balete na tunay nga namang kinatatakutan. Ngunit sa kamalayan ng mga ninunong Tagbanua, ang puno ay tahanan ng mabubuting kaluluwa. Sa halip na sila'y mapunta sa langit, pinili nilang manirahan sa puno lalo't malapit sa kanilang pamilya upang lagging handing tumulong sa oras ng pangangailangan ng kanilang mga mahal sa buhay.

Samakatwid, ang mga ninuno ay nagbibigay pugay rito sa pamamagitan ng pag-aalay.

Sa pamamagitan rin ng mga datos na nailahad, maaaring mahati-hati ang mga elementong istruktural. Ating simulan sa mga simbolo na makikita sa mga ritwal. Kapansin-pansin ang pag-aalay ng tabad (alak mula sa bigas), kem-uy, lutlut,at amik ay nasa lahat ng uri ng ritwal ng mga

Tagbanua. Ipinapahayag nito kung paanong ang mga Tagbanua ay nanampalataya sa mga diyos at kulto ng patay sapagkat bukas sa kanilang kamalayan ang pag-ala-ala nila na ang mga pag-aalay na ito ay tunay ngang makapagpasaya sa mga espiritu sapagkat ang mga nabanggit na pag-aalay ay wala sa mundo ng mga diwata.

Ang puting manok naman ay nangangahulugan ng bukal at malinis na kalooban ng mga Tagbanua sa pag-aalay sa mga diwata.

Isa rin sa mapupuna sa mga ritwal ay ang mga bilang na 7 at 9. Kahit sa mga iba't ibang epiko ay makikita ang mga bilang na ito. Ayon sa mga iskolar, ito ay ang kabuuan ng pagiging perpekto, ng pagiging sagrado. Halimbawa na lamang ang bilang na siyam na isang simbolo ng "Pinakamataas na Nilalang."

Ang presensya ng nganga ay hindi rin nawawala sa mga ritwal bilang alay. Ang nganga ay simbolo ng mahiwagang kapangyarihan, nagkakaloob ng kakaibang lakas sa utak at katawan ng tao. Ang nganga rin ay inaalay sa mga diwata at sa mga panauhin.

Ang paggamit ng kawayan o buho ay hindi lamang sa aspeto ng pangkapaligiran o ekolohikal. Ito ay may sagradong kahalagan sapagkat ang kawayan ay minsang

pahingahan ng diwata mula sa langit at ang lugar na kanya laging binibisita.[77]

Malaki rin ang kaugnayan ng panaginip sa isang ritwal. Ito ay nagsisilbing babala o pahiwatig sa isang kapahamakan o karamdaman, dahilan upang magsagawa ng ritwal upang maagapan ang anumang kamalasan.

Ang pag-uusal ng pakantang panalangin ay isang paraan ng pagtawag sa mga diwata at iba pang espiritu at sa pamamagitan nito ay napapalakas rin ang enerhiya na bumabalot sa mga ritwal.

Masasalamin rin mula sa mga ritwal ay ang moralidad at kaugalian ng mga Tagbanua.

Una rito ay ang kanilang malakas na pananampalataya sa isang Supremong Nilalang na kanilang sinasamba at pinag-aalayan at hinihingian nila ng tulong sa anumang suliranin at karamdaman. Napakalakas rin bilang ebidensya ang pagkilala nila sa presensya ng mga kaluluwa ng kanilang mga yumao o kulto ng patay bilang may kinalaman sa pang-araw-araw na nangyayari sa kanilang buhay. Halimbawa rito ay ang epidemya o hindi matagumpay na ani, naniniwala silang nasaktan nila ang kanilang mga yumao sa kanilang paglimot o pambabalewala sa mga ito.

---


[77] Fox, Robert B. Filipino Heritage:The Making of a Nation. Vol. 2. Pp. 380-388.

Ang paniniwala sa katarungan ay masasalamin rin sa pamamagitan ng ritwal. Dahil nga si Manguindusa at iba pang diwata o espiritu ay nagbibigay parusa sa pamamagitan ng malakas na pag-ulan, sobrang init ng panahon o di kaya'y pagkakasakit, ginagawa nila ang rutwal upang sila ay patawarin sa anumang sanhi ng parusang ito. Tulad na lamang ng pinaka-taboo sa lahat, ang sumbang o pagkakaroon ng sekswal na relasyon sa pamamagitan ng magkakamag-anak, si Manguindusa, bilang tagapag-parusa ay nagbibigay ng pahirap sa mga Tagbanua.

Hindi rin nawawala sa pananaw ng isang ritwal ang pagkakaroon ng kaginhawaan o mala-paraisong buhay pagkatapos ng pagriritwal. Kahit dumaan man sa kanilang buhay ang epidemya, sakuna, o krisis, nasa kamalayan pa rin ang presensya ng isang di nakikita na makapangyarihang nilalang. Inaasahan ng mga Tagbanua na regalo mula sa mga diwata na magbibigay kaginhawaan sa kanila, sa material o espirituwal man. Ang pananaw sa isang *basad* ay matibay na nagpapatunay na may buhay pagkatapos ng kamatayan at ito ang pagpapatuloy ng buhay ng mga yumao sa lupa.

Maaari ring isipin na malaki ang respeto o paggalang ng mga Tagbanua sa kanilang mga yumao. Hindi kailanman nila ito nakakalimutan at laging tinatawag ang presensya ng mga ito sa anumang ritwal na gagawin.

Para sa pangkalahatan, nakabuo ang mananaliksik ng sarili niyang paglalarawan sa sandaigdigan ng mga Tagbanua. Ito ay nasa pormang pagsasanga-sanga o diagram na nilalarawan ang punong kawayan.




**Ilustrasyon 2. Ang Sandaigdigan ng Tagbanua para sa Mananaliksik**

Sa higit pang malalim na pagsusuri gamit ang thematic analysis, mula sa ilustrasyon, masasalamin ang diwa ng sandaigdigan o sanlibutan sa pamamagitan ng tambalan.

Unang-una, maaaring tingnan ang tambalan ng mga mabubuting diwata o *benefic* at masasamang diwata o *malefic.* Ang mabubuti at masasama tulad nang nilalarawan sa sandaigdigan ng mga Tagbanua sa katauhan ng mga diwatang nasasakupan ni Manguindusa laban sa mga *salakap, panyaen* at *damdam,* ang mga espiritung sanhi ng epidemya ng mga Tagbanua.

Gayunpaman, ang masasamang espiritu na ito ay maituturing na hindi naman kaaway. Maaari silang mapayapa sa pamamagitan ng mga ritwal na nauukol para sa kanila. Ang kanilang papel sa mundo ng mga Tagbanua ay sadyang napakahalaga sa aspetong kosmiko.

Masisilip rin mula sa ritwal ang tambalan ng langit at *basad* (daigdig sa ilalim ng lupa), nagbibigay paglalarawang itaas at ilalim. Ang mga ito ay maaaring mapag-ugnay sa pamamagitan ng isang tulay, ilog o di kaya'y dagat na siyang napagdadaanan ng mga kiyarulwa o totoong kaluluwa ng mga Tagbanua na dumaan sa paghuhugas ng Talikayed. Ang mga kaluluwang ito na tumawid pa sa ilog ng kalabegang ay magiging tiladmanen.

Para sa mananaliksik, maaaring maiugnay ang dalawang daigdig sa pamamagitan ng inbokasyon sa mga diwatang naririto tulad ng *dibuwatanin* sa langit at *tiladmanen* sa basad. Ang babaylan sa lupa ang siyang namamagitan upang sila ay makapag-ugnayan.

Ang babaylan ay sadyang napakahalaga ng katungkulan bilang tagapamagitan. Siya ang pangunahing tagapagtanggol. Hinihingi niya ang tulong ng mabubuting diwata laban sa masasamang diwata. Siya rin ang gumagawa ng mga ritwal upang maging kalmado o maging mapayapa ang mga *malefic*. Higit sa lahat, tanging ang babaylan lamang ang may kapangyarihan upang makipag-ugnayan sa supremong diyos sa mga okasyong higit na kailangan ang gabay nito.

Malinaw rin na masasalamin ang relasyon ng sangkatauhan at ng mga di pangkaraniwang nilalang sa ilalim ng lupa. Ang namamagitan rin sa mga ito ay ang babaylan.

Maaari ring makita sa mga ritwal ang tambalan ang pagtatanim at pag-aani, ulan at punla.

Halimbawa naman ng tambalang lalaki at babae ay ang ritwal ng runsay na kung saan ang mga ito ay may kanya-kanyang tungkulin sa ritwal. Ang mga kilos nilay naaayon sa kanilang kasarian. Ang babae ay napapalooban ng mga lalaki. Sila ay tila pinoprotektahan ng mga ito o di kaya'y pinamumunuan. Ngunit kung titingnang mabuti, sa

sayaw ng runsay, ang mga babae ang siyang pusod o *core* nito. Ang kaloob-looban na siyang pumupuwang sa isang espasyo.

Sa mga kaalamang naisulat at naibahagi, masasalamin rin rito kung gaano "kanipis" ng pagitan o ng pader na pumapagitna sa mundo ng mga taong nabubuhay at ng mga diwata at espiritu ng yumao.

# KABANATA 6

## Paglalagom at Konklusyon

Mula sa mga mito at ritwal na nakalap, makikita ang uri ng kaugalian, pamumuhay o kultura, ang antas ng pananampalataya ng mga Tagbanua at higit sa lahat ang kanilang kamalayan sa diwa ng sandaigdigan.

Malinaw at nasa ayos ang kanilang pang-unawa sa konsepto ng sandaigdigan, sa buhay at maging sa kabilang buhay.

Makikita natin ang halaga ng isang relihiyon sa isang grupo tulad ng Tagbanua. Ito ang nagbibigay daan sa kanila upang magkaroon ng mga ritwal laan para sa mga diwata at maging sa mga espiritu ng kanilang yumao. Sa pamamagitan nito, napapakita ang kanilang malakas na pananampalataya at pagsamba. Naipapahayag rin kung paanong ang mga ritwal ay nakakaapekto sa pang-araw-araw na gawain ng mga Tagbanua sa kanilang lipunan, sa pamilya at sa mga diyos. Gayundin naman, ang mga ritwal at paniniwalang espirituwal ay nahuhubog rin ayon sa mga paniniwalang ito ng Tagbanua.

Ang konsepto ng Tagbanua sa sandaigdigan ay malinaw na nagpapahayag ng marami nitong rehiyon o sapin. Ang langit na siyang pinakamataas na bahagi at sinusuportahan ng dalawang puno na matatagpuan sa kanluran (sidpan) at sa

silangan (babatan) na kung saan sa dulo ng langit na ito'y nakaupo si Tungkuyanin na nananatiling nakatungo sa lupa. Ang langit rin ay nahahati sa ilang bahagi at isa na rito ang awan-awan, kung saan matatagpuan si Manguindusa, ang kanilang pinakamataas na diyos, kasama ang kabiyak na si Bugawasin at ang mga mensaherong dibuwatanin. Samakatwid, ang awan-awan ay nagsisilbing pinakasagrado na bahagi ng sanlibutan. At ang mga sumusunod pangbahagi na tahanan ng iba't ibang diwata at espiritu ng mga yumao tulad ng salakep, panyaen, bangkay, bulalakaw, at tiladmanen. Ang mga bahaging ito na tinatawag na dibuwat, kinayabusan, at basad at ilan pang maliliit na rehiyon.

Ang pananaw na ito ng mga Tagbanua ay malinaw na masasalamin sa kanilang mga ritwal tulad ng runsay, pagdiwata, pagbuyis, bilang, sagkat, sungrud at lambay.

Samakatwid, ang mga Tagbanua ay may relihiyong animistiko. Nangangahulugang isang paniniwala at pagsamba sa kalikasan at sa mga diyos nito at maging sa mga kaluluwa ng kanilang mga ninuno o *tiladmanen*. Malinaw rin na makikita ang malakas na paniniwala ng mga Tagbanua sa isang buhay pagkatapos ng kamatayan na isinasalarawan ng konsepto nila sa basad, isang pagpatuloy ng buhay. Ang paniniwala ng mga Tagbanua sa bawat epidemya na dala ng masasamang diwata

tulad ng *salakap* ay may paraan upang malunasan at ito'y sa pag-aalay ng isang ritwal.

Ang pag-aaral ng mananaliksik tungkol sa mga *tultol* at ritwal ng mga Tagbanua ay nagsasalamin ng kanilang kamalayan sa kabuuan ng sandaigdigan. Ang matibay nilang paniniwala at pagsamba sa kapangyarihan ng mga *supernatural* na nilalang tulad ng mga diwata at espiritu ng kanilang mga yumao. Ang kamalayan nila sa sandaigdigan ay siyang humuhubog sa mga ritwal at maging sa mga *tultol.*

Ipinahahayag sa pag-aaral na ito ang kamalayan ng Tagbanua sa sanlibutan, tulad ng ibang katutubo, ay makahulugan sa paghubog ng kanilang pagkato. Sa pamamagitan ng mga ritwal, makikita ang kailaliman ng kanilang kamalayan. At ang ganitong kaalaman ay magbibigay-daan sa lipunan upang ang mga matatandang tradisyon ay hindi dapat ipagwalang-bahala. Ang matatandang tradisyon tulad ng ritwal ay may katangiang sagrado. Matibay na pananampalataya sa sinumang may banal at higit na kapangyarihan ang maaaring ipahiwatig ng pag-aaral na ito. Anumang relihiyon o paniniwala ang isang lipunan, ang paggalang sa kapaligiran ay laging isaalang-alang sapagkat maaaring hindi lamang ang mga nabubuhay ang nagmamay-ari ng sandaigdigan. May mga nilalang na hindi

nakikita ang maaaring masaktan at mahamon sa mga maling gawi.

Para sa kabuuang konklusyon, ang kamalayan ng mga Tagbanua sa kanilang diwa ng sandaigdigan ay impluwensya ng kanilang kapaligiran, ng kanilang heograpiya. Maihahalintulad ng mananaliksik ang kaisipang ito sa aralin ng Propesor Odal-Devora sa kanyang pag-aaral ng mga mito at epiko na may kaisipan ng heograpiya ng bundok, ilog, wawa at pusod ng dagat bilang malaking impluwensya sa kaisipan ng mga ninuno. Ang kapaligirang puno ng kabundukan at karagatan. Ang itaas ng bundok kumakatawan bilang *langit* at mula rito sa itaas ay ang simula ng ilog. Ang ilog na ayon sa mga iskolar ay isang naga o serpent na nag-uugnay na kaitaasan at kailaliman. Ang ilog ay kumakatawan sa kapatagan, sa kalupaan kung saan ang mga nabubuhay na Tagbanua. Samantala, ang dulo ng ilog na siyang wawa ay patungo naman sa karagatan. Patuloy ito hanggang sa pusod ng dagat na siyang kumakatawan bilang kailaliman ng sandaigdigan ng mga Tagbanua.


Iminumungkahi ng mananaliksik ang higit pang pag-aaral tungkol sa kamalayan ng Tagbanua sa sandaigdigan gamit ang iba pang paradimo sa paghuhukay ng malalim pang kabuluhan nito at upang lalo pang mapalawak ang ganitong kaalaman. Ang marami pang mga ritwal o mismong mga ritwal

na ginamit sa pag-aaral na ito ay muling gamitin para sa masusi at malalim pang pag-aaral sa diwa ng sandaigdigan ng mga Tagbanua. Ang mga bagay na ginagamit sa ritwal bilang alay, tulad ng iba't ibang uri at kulay ng kanin ay tutukan sa pagtukoy na malalim nitong kahulugan o istruktura. Gayundin, ang mga hindi gaanong natukoy na kagamitan sa mga ritwal, tulad ng sa Pagdiwata na gamit ang mga bangka-bangka nakasabit sa lugar ng seremonya, ay muling saliksikin.

# APENDISE

# Apendiks A

# MGA MAPA




# MUNICIPALITY OF ABORLAN

6000 0 6000 12000 Meters

SCALE 1:225,000

Universal Transverse Mercator (UTM) Projection and Latitude-Longitude Coordinates
Clarke 1866 Spheroid, Luzon (Philippines) Datum, Zone 50

N NE E SE S SW W NW

LEGEND:

- Municipal Site
- Barangay Site
- River
- Coastline

ROAD NETWORK

- National Highway
- Provincial Road
- Municipal Road


ADMINISTRATIVE BOUNDARY

- Municipal Boundary
- Barangay Boundary

SOURCES:
Administrative boundaries from PPDO, LMB, Provincial Assesor's Office, and TD of Municipalities
Rivers from NAMRIA Topographic Maps, scaled 1:50 000
Roads from PTFPP GPS Survey (March 2002) and PPDO

This map is not an authority on administrative boundaries. Users noting errors are requested to notify the Provincial Planning and Development Office, GIS Unit at Provincial Capitol, Puerto Princesa City, Palawan

geopalawan




PROVINCE OF PALAWAN
N
W
E
S
50 0 50 Kilometers
SCALE 1:2,550,000
Busuanga
Culion
Coron
Linapacan
El Nido
Agutaya
Magsaysay
Cuyo
Tay tay
San Vicente
Araceli
Dumaran
Roxas
PUERTO PRINCESA CITY
Cagayancillo
Aborlan
Quezon
Narra
SULU SEA
Rizal
Espanola
Tubbataha Reef
Brookes Pt.
Bataraza
Balabac
PHILIPPINES
PALAWAN
LEGEND:
Municipal Point
City Point
Road Network
Coastline
Barangay Boundary
Municipal Boundary
500000
600000
700000
800000
900000
1400000
1300000
1200000
1100000
1000000
117°
118°
119°
120°
121°

# Apendiks B

# MGA LARAWAN



**Pigura 1 Ang pakikipanayam ni Ellen Martinez kina Masikampo Orlando Cursod at Ginoong Elisio Cursod. (Larawang kuha nim Ginang Gertrudes Martinez)**



**Pigura 1 Si Masikampo Orlando Cursod bilang tagapagsalin ng panayam kay Ginooong Elisio Cursod. (Larawang kuha ni Ginang Gertrudes Martinez)**



Pigura 3. Ang paggagawa ng balasbas (Ang larawan ay kuha ni Bb. Yasmine Arquiza ng Bandillo ng Palawan)




Pigura 4. Ang paghahanda ng *kemuy* bilang alay sa mga diwata. (Ang larawan ay kuha ni Bb. Yasmine Arquiza ng Bandillo ng Palawan



Pigura 5. Ang mga pagkain na pinagsaluhan ng mga dumalo (Ang larawan ay kuha ni Bb. Yasmine Arquiza ng Bandillo ng Palawan)



Pigura 6. Ang pagbuhat ng balsa sa lugar ng seremonya (Ang larawan ay kuha ni Bb. Yasmine Arquiza ng Bandillo ng Palawan)




Pigura 7. Mga butil ng bigas para sa kabutihan ng mga nabubuhay at di pa sinisilang (Ang larawan ay kuha ni Bb. Yasmine Arquiza ng Bandillo ng Palawan)




**Pigura** 8. Ang paglalagay ng mga Tagbanua ng alay para sa diwata (Ang larawan ay kuha ni Bb. Yasmine Arquiza ng Bandillo ng Palawan)



Pigura 9. Ang balsa ng runsay na may nakahanda ng mga alay at handa ng pumalaot(Ang larawan ay kuha ni Bb. Yasmine Arquiza ng Bandillo ng Palawan



Pigura 10. Ang liwanag ng buwan na siyang hudyat ng pagsisimula ng ritwal ng runsay (Ang larawan ay kuha ni Bb. Yasmine Arquiza ng Bandillo ng Palawan)



Pigura 11. Pinasan ng dalawang lalaking Tagbanua ang balsa patungo as dagat (Ang larawan kuha ni Bb. Yasmine Arquiza ng Bandillo ng Palawan)



Pigura 12. Nasa dagat na ang dalawang Tagbanua upang ialay ang nasa balsa para sa diwata ng karagatan (Ang larawan ay kuha ni Bb. Yasmine Arquiza ng Bandillo ng Palawan)

Ang Ritwal ng Runsay



Pigura 13. Ang mga Tagbanua na nakapaikot at nagtsa-chant bago ilunsad ang balsa na may dala ng mga alay at matapos ng pag-aalay (Ang larawan ay kuha ni Bb. Yasmine Arquiza ng Bandillo ng Palawan)

Ang Ritwal ng Pagdiwata



Pigura 14. Ang babaylan ay nakikipag-ugnayan sa mga diwata para sa ikagagaling ng maysakit. (Larawang kuha mula sa Internet, http://www.lessons.ph/webmag/ish011/article3.htm

# Apendiks C

## TRANSCRIPTION NOTES

Sa kadahilanang ang mananaliksik ay walang tape recorder nang siya ay makipanayam sa mga Tagbanua, minabuti na lamang niyang isulat ang kabuuan ng mga panayam.

**Pakikipanayam kay Masikampu Orlando Cursod, 40 taong gulang**
**Iraan, Aborlan, Palawan**
**Enero 7, 2003**

Si Masikampo Orlando Cursod ay ang pununo ng Tagbanua sa buong lalawigan. Siya ay ika-16 na Masikampo sa kanilang pamilya mula pa sa kanyang mga ninuno. Ang ganitong katungkulan ay pinamamana sa susunod pang mga salinlahi. Siya ay naging Masikampo mula pa noong Agosto 26, 1996. Sa panayam, inilahad ni Masikampo ang pagdiriwang ng ritwal ng runsay para sa diwata sa dagat. Nang tinanong ng mananaliksik kung sino ang diwata, tumanggi siyang pangalanan iyon. Ang pagsambit ng pangalan ng isang diwata ay sagrado at di sa lahat ng oras ay maaaring sambitin. Ibinahagi niya sa mananaliksik ang simula ng runsay nang kung saan nga ay mayroong dayuhan na nais manakop sa mga Tagbanua. Ayon sa kanya, ang dayuhang ito ay hinarang ng isang di matukoy na nilalang na nakasakay sa isang mala-bangka na sasakayan. Dahil sa ginawang ito ng di nakikilalang nilalang, nangako ang mga Tagbanua na magkaroon ng seremonya para dito.

Nang tinanong si Masikampo tungkol sa dalawang puno na sumusuporta sa kanilang sandaigdigan, malaki ang pagkakaiba nito sa tradisyunal na paniniwala subalit esensyal at analitiko. Ayon sa kanya, ang dalawang punong ito ay kumakatawan sa mga Tagbanua at sa pamahalaan. Ang dalawang ito ay siyang nagpapanatili ng kaayusan sa kanilang lipunan.

Ibinahagi niya rin ang paniniwala sa tuwing nagkukulay pula ang kalangitan kapag lumulubog o sumisikat ang araw. Ayon sa kanya, ito ay tanda ng katapangan at paninindigan ng mga Tagbanua. Dahil nga sa nilupig ng mga Tagbanua ang

sinumang dayuhan na sa kanila'y sumakop, sa tulong ng kanilang diyos.

Dagdag pa ni Masikampo, ang pananaw ng mga Tagbanua ngayon sa sandaigdigan ay nagbabago. Ito ay normal naman sa mga panahon na ito. Ang paniniwalang napamana ng mga ninuno ay nasa kamalayan pa rin ng bawat Tagbanua, subalit sa mga kabataan, ang edukasyon ang siyang pinagkakaabalahan. Nasa kanilang pamayanan na rin ang pag-unlad kung kaya't hindi na masyadong napag-uukulan ng pansin ang konsepto ng sandaigdigan. Gayunpaman, ang kanilang mga gawain ay naaayon pa rin sa paniniwalang ito. Ang kanilang mga ritwal, sa pagtatanim, pasasalamat, pagpapagaling ng may karamdaman, ay nagpapakita ng pagkilala sa mga partikular na diyos, tulad ni *Manguindusa*. Minungkahi ng Masikampo sa mananaliksik na pag-aralan ang ginawa ng kanyang kapatid na si Ginang Dec Jardinero tungkol sa kanilang lipunan at mga paniniwala,

**Pakikipanayam kay Ginoong Enriquito Senyal**
**Kalihim ng Pamayanan ng Tagbanua**
**Iraan, Aborlan, Palawan**
**Enero 7, 2003**

Habang kinakapanayam ng mananaliksik si Masikampo Cursod, si Ginoong Senyal ay sumasang-ayon sa mga sinasabi ni Masikampo. Kanya ring nililinaw ang ilang mga katanungan ng mananaliksik.

Karamihan ng mga binahagi ni Ginoong Senyal ay tungkol sa ritwal ng runsay. Mga ilang daan taong nakakaraan, may paglalabanang nangyari sa pagitan ng mga dayuhan at ng nilalang na nagmamay-ari ng karagatan. Bilang ganti ng mga Tagbanua sa kadakilaang ito ng diwata, sila ay gumagawa ng pag-aalay bilang pagpapala. Ang presensya ng *sisep*, isang sisiw ay tanda ng purity o kalinisan ng hangarin sa diwata.

Ibinahagi rin ni Ginoong Senyal ang kanilang panitikan, ang tultol. Ito umano ay isang alamat ng pinagmulan. Sa pagkukuwento ng tultol, walang inbokasyon para sa mga diwata o diyos na sinasagawa.

**Pakikipanayam kay Ginoong Elisio Cursod, 64 taong gulang**
**Mamamayan ng Pamayanang Tagbanua**
**Brooke's Point, Palawan**
**Enero 7, 2003**

Sa araw na pumunta ang mananaliksik kina Masikampo Cursod, tamang-tama na si Ginoong Elisio Cursod ay pumunta upang magbayad ng "buwis". Ito ay tungkulin ng mga Tagbanua sa kanilang pamayanan. Kasabay rin nito ang paghingi ng tulong sa Masikampu.

Kapansin-pansing pareho ang kanilang mga apelyido, sila ay walang relasyon sa isa't isa. Ngunit, ayon kay Masikampo, maaaring si Ginoong Elisio ay malayo na nilang kamag-anak.

Sa tulong ni Masikampo Cursod, ang panayam ay naging possible. Siya ay tumayong tagapagsalin sa kadahilang si Ginoong Elisio ay hindi marunong mag-Tagalog.

Ibig man ng mananaliksik na ang panayam kay Ginoong Elisio ay ang pananaw nito sa kanilang sandaigdigan, hindi maiwasang pakinggan ang mga hinaing nito. Karamihan rin ng tanong ng mananaliksik ay hindi nasasagot nang naaayon sa mga katanungan nito. Minabuti na rin ng mananaliksik na pakinggan ang mga hinaing sa hangaring sa pamamagitan ng papel na ito ay matulungan ang matatandang mga Tagbanua.

Ayon sa kanya, silang matatanda ngayon ay hindi na napagtutuunan ng pansin ng mga kabataan. Sa pananaw umano ng mga ito, sila ay kulang sa edukasyon at walang pangarap. Sumasang-ayon siya rito, ngunit kailangan nila ng respeto at paggalang sa kanilang katauan. Papaano raw sila magkakaroon ng pangarap kung ang kaalaman ay kapos. Masaya at kontento sila sa kanilang kalagayan at hindi naghahangad ng anumang karangyaan. Ang ibig lamang nila ay pagkilala sa kanilang karapatan at katauhan.

Hindi nagagawa ng mga matatandang Tagbanua ang anumang naisin sapagkat napipigilan ito ng mga hindi Tagbanua.

# BIBLIOGRAPIYA

## A. Mula sa mga Aklat

Canga-Arguelles. *La Isla de la Paragua.* 1888. P. 8.

Eder, James F. and Janet O. Fernandez. Palawan at the Crossroads. Developmental and Environment on the Philippine Frontier. ADMU Press, Quezon City, 1996.

Fox, Robert B. Religion and Society Among the Tagbanua of Palawan Island, Philippines. University of Chicago. Aug. 1954.

Ibid. Tagbanua Religion and Society. Manila National Museum, 1982.

Ibid. Filipino Heritage: The Making of a Nation. Vol. 2. Pp. 380-388.

_______. Kasaysayanang Bayan: Sampung Aralin sa Kasaysayang Pilipino. National Historical Institute. 1st Ed. 2001. Pp. 69-92.

Nabayra, Emmanuel Jr., SVD. Manobo Cosmology. Philippine Social Science and Humanities Review. March 1964. Pp. 38-39.

Ocampo, Nilo S. Katutubo, Muslim, at Kristiyano: Palawan 1621-1901. Kolonya, Alemanya, 1985. Pp. 1-10.

Raats, Pieter Jan, SVD. A Structural Study of Bagobo Myths and Rites. Cebu City. Pp. 1-27.

Radcliffe-Brown, Alfred Reginald. The Function of Religion in Society.

_______. "Tagbanua" CCP Encyclopedia of Philippine Art. Vol. 2. People of the Philippines Kalinga-Yakan. Pp. 356-369.

Tiongson, Nicanor. Tuklas Sining: Essays on the Philippine Arts. CCP: Manila. 1991. P. 63.

_____. Worldbook 2001. Vol 16 Q-R. Worldbook Inc., Chicago.

**B. Mula sa mga Pahayagan at Iba Pang Artikulo**

Bagalay, Robert. "Runsay, Ritwal sa Liwanag ng Buwan." Bandillo ng Palawan. Tomo 5. Bilang 52. Disyembre 23, 2002-Enero 5, 2003. Pp. 6-7

Bayuga, Rose May. A Tagbanua Legacy: History of Palawan National Agricultural College. P. 2

Teodoso, John Iremil and Yasmin O. Arquiza. "Pagdiwata at Kamarikutan and the Twain Shall Meet." Bandillo ng Palawan Magazine. May 1999. P. 11.

National Statistics Office. 1995 Census of Population. Report No. 2-72D. Palawan. Socio Economic and Demographic Characteristics. Manila. March 1997.

**C. Mula sa mga Akdang Di-Nailathala**

Bediones-dela Cruz, Lourdes. Isang Katipunan ng mga Piling Katutubong Panitikan ng Tagnabua sa Palawan. Dalubhasang Normal ng Pilipinas. Marso 1 987. Pp. 12-18.

Oaman, Cristina U. Literature of Tagbanua Tribes in Cabigaan, Aborlan, Palawan. SPCP, Aborlan, Palawan. April 2001. P. 4.

Valdez, Sharron A, et.al. The Selécted Healing Practices of the Tagbanua and Their Relevance of P. E. Palawan State University. March 1997. Pp. 21-32.

Dioso, Trichelle V. Correlate of Religion as Practice Among the Tagbanua in Selected Barangays in Aborlan, Palawan. SPCP, Aborlan, Palawan. April 2001. P6

Emag, Cristina. The Effect of Ritual on the Economic Status of Tagbanua Tribes in Selected Barangays in Aborlan, Palawan. SPCP Aborlan, Palawan. April 2002. P. 4.

**D. Mula sa Internet**

www.geocities.com/Tokyo/Temple/9845/spirit.htm

http:literalnol4.tripod/tagbanuaframe.html

http://www.religioustolerance.org/newage.htm

www.philtravelcenter.com/philippines/travelinfo/**palawan-history**.html

www.philtravelcenter.com/philippines/travelinfo/**palawan-history**.html

**E. Mula sa mga Panayam**

Cursod, Orlando. 40 taong gulang. Masikampu ng Tagbanua, Aborlan, Palawan. Enero 7, 2003.

Cursod, Elisio. 64 taong gulang. Española, Palawan. Enero 7, 2003.

Senyal, Enriquito. Kalihim, Tagbanua, Aborlan, Palawan. Enero 7, 2003